# SA IBAYO NG IMPORMALIDAD, PAG-AANGKIN NG DIGNIDAD

## Isang Kurso ng Pagsasanay para sa Pagpapaunlad ng Kakayahan ng mga Lider at Myembro ng mga Organisasyon sa Impormal na Sektor

ESCR-Asia


Sa Pagtataguyod ng:

Royal Netherland Embassy - Philippines
Ministry of Foreign Affairs of Norway
c/o Royal Norwegian Embassy - Philippines
United Nations Development Program (UNDP) - Philippines



# Mga Nagbuo ng Kurso

**Manunulat at Mananaliksik**

Mr. Redento B. Recio
Ms. Resurreccion T. Lao

**Katuwang sa Pananaliksik**

Ms. Elvie Jo Robis
Metudio Belarmino Jr. – Public Interest Advocacy and Litigation Office (PIALO)

**Nagsalin sa Filipino**

Ms. Maria Daryl Leyesa
Mr. Redento B. Recio
Ms. Didith Lourdes Mendoza-Rivera

**Sanggunian/Tagapayo**

Atty. Glenda Litong
Ms. Rosario K. Garcia
Dr. Amado Mendoza Jr.
Ms. Caroliza T. Peteros - Mediators Network for Sustainable Peace (MEDNET)
Prof. Jerry Apolonio
Atty. Edmund Lao – Public Interest Advocacy and Litigation Office (PIALO)

**Editor**
Mr. Bonifacio P. Ilagan

**Disenyo**
Arnel Rival

**Illustrator**
Francis J. Algernon Bartolome

**Printer**
ALL WAYS Graphics and Printing Services

Kapirayt: Economic, Social and Culutral Rights Asia (ESCR-Asia Inc.) 2008

ISBN: 978-971-93989-1-2





# Pagkilala


Mapagkumbabang kinikilala ng ESCR-Asia na ang *rights-inspired capacity-building* na kursong ito ay isang kolektibong pagpupunyagi. Ang susing tulong at mahahalagang *input* ng matatalino at praktikal na mga lider ng impormal na sektor, pati na ang kanilang aktibong partisipasyon sa mga serye ng konsultasyon at *focused groups discussions*, ay nakatulong sa paglilinaw ng nilalaman ng kursong ito. Tinutukoy namin laluna ang kontribusyon ng mga sumusunod:

- Emmanuel Pelayo ng Association of Construction and Informal Sector Workers (ACIW)
- Joeffrey Lopez ng Katipunan ng Samahang Padyak para sa Adhika ng Kaunlaran (KASAMPADYAK)
- Josephine Parilla ng National Anti-Poverty Commission, Workers in the Informal Sector Council
- Jovito Dacula ng Samahan ng Nagkakaisang Manininda sa Intramuros (SANAMAI)
- Mercedes Nicolas ng Kalipunan ng Maraming Tinig ng mga Manggagawang Impormal (KATINIG)

Taospuso ring pinapahalagahan ng ESCR-Asia ang mga lider na nagbigay ng kanilang mga importanteng komento, at makabuluhang lumahok sa *pre-testing session* ng unang borador ng kursong ito: Sila ay sina:

Cecilia Manalo
Emilio Talion Jr.
Hill Encierto
Jovito Dacula
Lira B. Perucho
Maria F. De Los Santos
Marina Santos
Resty Lopez
Roserel Virtudazo
Temprosa Ramirez
Vivian Ibanez
Delilah Rivera
Emmanuel Pelayo
Joeffrey Lopez
Leopoldo Roldan
Magdalena Castro
Marina De La Cruz
Nenia De Vera
Rosalinda Funtanares
Salve Gaytano
Violeta Quimson

Hindi sasapat ang simpleng pasasalamat sa mga kawani ng ESCR-Asia na naging kapamilya na nito, at nakapag-ambag nang malaki, tuwiran man o hindi, sa pagbubuo ng kursong ito. Taospuso kaming kumikilala kay Reden Recio sa kanyang walang maliw na pag-uukol ng talino at kakayahang luwal ng karanasan at akademya, sa pagsasagawa ng masisiglang treyning, at sa pamumuno sa pagsusulat at pagkokonsolida






ng mga paksa ng kurso; at kina Patricia Lourdes Sarmenta, Jessica Herico at Elvie Jo Robis na nagtaguyod ng aklat na ito sa iba't ibang paraan.

Matapat na kinikilala ng ESCR-Asia ang mahahalagang tulong at ambag ng mga nakibahagi sa pagsasaayos ng ilang seksyon at naging *documentors* at *training assistants* sa mga sesyon ng *pre-testing* at pambansang treyning ng mga lider ng impormal na sektor. Sila ay sina Lourdes Didith Mendoza, Erika Santos, Barbara Arriola at Tet Gallardo. Sa mabait na pagtanggap sa mga pangangailangan ng paglilimbag ng publikasyong ito, ang aming masigabong pasasalamat kay Teofilo Jose Geaga.

Sa mga nakaligtaan naming tukuyin nang di-sinasadya, paumanhin at maraming-maraming salamat po!

ESCR-Asia Board of Trustees





## Sa Ibayo ng Impormalidad, Pag-aangkin ng Dignidad Isang Pambungad

Sa ekonomyang Pilipino, mga bayani rin silang hindi kilala.

Madilim pa'y gumigising na sila upang magbenta ng kanilang paninda at magpakahirap sa paghahanapbuhay sa mga lansangan. Binubuo nila ang mahigit sa 50% ng lakas-paggawa sa Pilipinas; sila ay tinatayang nasa 22 milyon, at kamangha-mangha pang lumalaki. Ayon sa National Statistical Coordination Board (NSCB), nag-aambag sila ng halos 60% sa Gross Domestic Product (GDP), ngunit ang kanilang kontribusyon ay bahagya nang kilalanin ng mga gumagawa ng patakaran at nagpaplano sa gobyerno, at maging ng *civil society*.

Ninanakawan sila ng pagkakataong makaangat sa buhay at makapangibabaw sa kahirapan dahil etsa-pwera sila sa pamamayani ng batas, estatistika, at proteksyong panlipunan at paggawa. Nakikibaka sila upang muling angkinin o kamtin ang kanilang dignidad sa kabila ng paghihirap sa buhay. Malinaw na ang mga grupong kabilang sa impormal na sektor sa Pilipinas ay lantad sa pinsala at pinakakawawa.

Batid ng ESCR-Asia, gayunman, ang maraming pagsusumikap at suportang ipinagkakaloob sa mga grupong ito, maging sa adbokasi, pagsasabatas, edukasyon at tulong pang-ekonomya. Sa partikular, ang ESCR-Asia ay umaasa na makapag-aambag sa mga pagsisikap upang maitaguyod ang kanilang kapasidad batay na rin sa kanilang mga karapatan. Sinusuportahan nito ang mga aktibidad na ganap na nagpapaunlad sa potensyal ng mga myembro ng impormal na sektor, kabilang ang mga gawaing tumutulong upang sila mismo ay makakilala sa kanilang sariling pagkatao, sa mga pribilehiyong kalakip nito, at kung paanong mabubuo nila ang pagtutulungang gigising sa lipunan, nang sa gayon ay tunay silang kilalanin bilang mahahalagang tauhan ng bansa.

Ang *Sa Ibayo ng Impormalidad, Pag-aangkin ng Dignidad*, isang kurso sa pagtatayo ng kapasidad, ay hamak na kontribusyon ng ESCR-Asia sa patuloy na pagsasakapangyarihan ng mga lider at myembro ng impormal na ekonomya ng Pilipinas. Ang sulating ito ay may apat na paksa:

- Modyul 1, *Isang Kahig-Isang Tuka: Pinagmulan, Mga Kontribusyon, at Suliranin ng mga Manggagawa sa Impormal na Sektor*
- Modyul 2, *Pag-alam at Paggigiit: Ang mga Karapatang Pantao ng mga Manggagawa sa Impormal na Ekonomya*
- Modyul 3, *Pagtugon sa Ilang Pangangailangang Pang-Organisasyon: Paglutas at Pamamahala ng Sigalot/ Hidwaan at Gawaing Paralegal*





- Modyul 4, *Pagsulong: Ilang Pinakamahuhusay na Praktika ng Ilang Grupo sa Impormal na Sektor*

Ang bawat modyul ay naglalaman ng pangunahing paksa, mga *input*, ehersisyo, metodolohiya, materyales at ilang reperensya na maaaaring sangguniin ng mga lider ng impormal na sektor.

Sa paglalabas ng kursong ito, hindi lamang namin nilalayon na patalasin ang unawa ng mga lider at myembro ukol sa mga ugat ng impormal na ekonomya sa Pilipinas at sa kanilang mga karapatan at usapin, kundi upang magbunsod rin ng mabubuting pagbabago sa kaugalian at aktitud ukol sa kanilang pagkatao o kakanyahan – na ang pundamental na prinsipyo sa pag-aangkin ng dignidad ay ang pagkilala na ang isang indibibwal ay tao – siya man ay tindera, drayber ng traysikad, manggagawa sa bahay, mangingisda o magsasaka.

Ang *Sa Ibayo ng Impormalidad, Pag-aangkin ng Dignidad* ay umaasa din na maging isang praktikal na *rights-based capacity-building guide* para sa mga lider sa kanilang pagsasagawa at pagpaparami ng pagsasanay ng kanilang mga myembro. Ang gabay na ito, na isinalin sa Filipino at Cebuano, ay pangunahing nakadisenyo bilang instrumentong madaling gamitin. Nang sa gayon, ang mga lider ng impormal na sektor ay hindi na maging palaasa sa mga NGO o institusyong nagbibigay ng mga treyning. Sa madalas na paggamit ng gabay na ito, sila mismo ay magiging mahuhusay na tagapagsanay, mas magaling pa sa kawangis nilang mga taga-NGO.

Umaasa ang ESCR-Asia na hindi lamang mga myembro ng impormal na sektor ang makikinabang sa materyal na ito bilang gabay-teknikal, kundi maging ang *stakeholders* sa gobyerno at *civil society*, kabilang ang akademya. Nawa'y maantig ang "puso" ng bawat mambabasa upang siya ay magsidenyo ng mas mainam, o magpahusay ng kasalukuyang materyales na teknikal sa pagsasakapangyarihan ng ating mga kapatid sa impormal na sektor. Kami ay umaasa na ang aplikasyon o aktwal na pagsasanay na isasagawa ay higit pang magpatingkad sa mga *input*, pundasyong teoretikal at mga ehersisyo na matatagpuan sa bawat modyul.

Dahil ang inyong kuro-kuro ay mahalaga, kayo, ang mambabasa ay iniimbitahan ng ESCR-Asia upang magkomentaryo sa kursong ito, magbahagi ng karanasan at magmungkahi ng mga bersyon ng gabay na ito na mas lapat sa kultura at sektor na impormal. Handa ang ESCR-Asia na makipagtulungan sa mga organisasyong masa, akademya at mga entidad ng gobyerno na interesado sa pagsasakapangyarihan sa mahihirap, sa impormal na sektor, sa partikular.

Sa bahaging pasasalamat ng aklat na ito ay kinilala na ang iba't ibang grupo at indibidwal, laluna ang galing sa mga entidad ng impormal na sektor na nakipaglakbayan sa ESCR-Asia nitong nakalipas na dalawang taon sa pagbubuo ng kursong ito. Nais naming ulitin ang taospusong pasasalamat sa aming mga mapagbigay na katuwang





– ang Royal Netherlands Embassy — Manila, Ministry of Foreign — Affairs of Norway (lakip ang natatanging papel ng Royal Norwegian Embassy — Manila) at ang United Nations Development Program (UNDP) — Fostering Democratic Governance Portfolio. Taimtim nilang kinikilala ang tila-bayaning papel ng mga myembro at grupo ng impormal na sektor sa ekonomya ng Pilipinas, bagaman hindi nangangahulugang sumasalamin sa kanilang pananaw ang nilalaman ng kursong ito.

Tinataya ng Commission on Legal Empowerment of the Poor, sa aklat nitong *Making The Law Work for Everyone* (Volume 1 Report of the Commission on Legal Empowerment of the Poor, 2008), na ang pagsasakapangyarihang legal (*legal empowerment*) ng apat na bilyong tao sa buong mundo ay nasasantabi. Anong malawakang pagpapala, kung ang ganap na makataong potensyal at makabuluhang enerhiya ng apat na bilyong ito, kabilang na ang sarili nating 22 milyon-kataong impormal na ekonomya ng Pilipinas, ay mabuksan sa wakas, at ang bawat isa ay tumindig at mag-angkin ng kanilang dignidad at karampatang lugar sa lipunan, na sa totoo lamang, at unang-una naman, ay kanila. Anong payapa at panatag na daigdig magkakaroon tayo. Natitiyak naming darating ang araw na iyon. Nagaganap na ang pagbabago.

Resurreccion T. Lao
Executive Director

Para sa mga palagay at impormasyon, mangyaring umugnay sa:
Executive Director
Economic, Social and Cultural Rights-Asia
Rm.6, Mezzanine Flr., Manila Observatory, Ateneo de Manila University, Loyola Heights, Quezon City, Philippines; escasia2003@yahoo.com,titionlao@yahoo.com





## Konteksto

Ipinapakita ng mga bagong pag-aaral na ang kahirapan sa buhay ay nananatiling isa sa mga pangunahing pambansang isyu sa Pilipinas. Noong 2006, ayon sa pinakahuling datos ng National Statistics Coordination Board (NSCB), 33 sa bawat 100 Pilipino ang mahirap. Nangangahulugang sa kabuuang 84 na milyong populasyon, maituturing na mahirap ang 27.6 milyong Pilipino.

Bunga ng napakanegatibong katotohanang ito, lumobo ang bilang ng mga Pilipinong nabibilang sa tinatawag na impormal na sektor. Iniulat ng isang pag-aaral ng Bureau of Labor and Employment Statistics (BLES) na noong 2002, mga 15-19 na milyong manggagawa ang kabilang sa impormal na sektor. Katumbas ito ng 63% ng lakas-paggawa ng Pilipinas.

Ang lumalaking sektor na ito ang bumubuhay sa ekonomya ng Pilipinas sa mahabang panahon. Katunayan, tinaya ng NSCB noong 2002, mga 40 hanggang 70% ng Gross Domestic Product (GDP) ng bansa ang nilikha ng impormal na sektor. Kinikilala bilang "ekonomya ng mahihirap," nagbibigay ito ng trabaho sa mga walang hanapbuhay, at ng abot-kayang mga bilihin at serbisyo sa mahihirap.

Sa kabila ng malaking panlipunan at pang-ekonomyang kontribusyon nito, hindi nakakatanggap ng kinakailangang suporta mula sa gobyerno ang impormal na sektor. Karamihan sa mga manggagawang nasa impormal na ekonomya tulad ng mga nagtitinda sa lansangan/ gilid ng daan, maliliit na transportasyon; nagtatrabaho sa bahay, konstruksyon, at iba pa ay di nagtatamasa ng proteksyong itinatakda ng batas mula sa mga lokal na gobyerno. Maliban dito, lagi silang nililigalig ng mga tagapagpatupad ng mga batas at patakaran na nagsasabing ilegal at/ o di-rehistrado ang kanilang trabaho.

Malinaw ang pangangailangan para sa mga pangkaunlarang interbensyon. Ang mga manggagawa ay dapat magkaroon ng kaalaman, kasanayan at mga gawi upang matugunan ang pang-araw-araw nilang pakikibaka habang nagtatrabaho. Kailangan rin nilang igiit ang kanilang mga indibidwal at kolektibong karapatan bilang tao, at bilang myembro ng lipunan.

## Mga Pangkalahatang Layunin

Binuo ang kursong na ito para sa pagpapalakas ng kakayahan ng mga 'manggagawang impormal'. Layunin nitong padaluyin ang mas malalim na pagpapahalaga/ pang-unawa ng mga lider at myembro ng impormal na sektor tungkol sa mga batayang karapatang pantao at usaping may kaugnayan sa kanila (mga isyu, panawagan, at karapatan). Inaasahang magbabago ang gawi at pagtingin nila sa kanilang sarili at trabaho. Nais din nitong pataasin ang kasanayan ng mga kalahok ukol sa mga





batayang gawaing pang-organisasyon, gaya ng paglutas ng tunggalian, negosasyon, *mediation* o pamamagitan at gawaing paralegal. Panghuli, inaasahang maipakita nito ang mga karanasan ng tagumpay at pinakamahuhusay na praktika ng mga grupo sa impormal na sektor na nagbibigay-diin sa mga sumusunod na tema: Pagnenegosyo, Panlipunang Proteksyon, Paglutas ng Tunggalian, at Pakikipagtulungan sa mga LGU.

## Pangkalahatang Metodolohiya

Mapanlahok o *participatory* ang metodolohiyang ginagamit sa pagsasanay. Hinihikayat nito ang dinamikong bahaginan ng mga ideya sa isang kapaligirang ang lahat ay itinuturing na mag-aaral at tagapagpadaloy ng pagkatuto. Gumagamit ito ng mga sumusunod na paraan: lektyur-talakayan, palihan o worksyap, pagpapalabas ng pelikula, talakayan sa maliliit na grupo, pagsasadula, dulang panlipunan, atbp.





# Balangkas at Pangunahing Nilalaman


I. **Pagpapalagayang-loob: Panimula** ........ 1
- Pakilanlanan
- Paglalahad ng Inaasahan

II. **Isang Kahig-Isang Tuka: Mga Pinagmulan, Kontribusyon, at Suliranin ng mga Manggagawa sa Impormal na Sektor** ........ 11
- Kasaysayan ng mga Manggagawa sa Impormal na Ekonomya
- Mga Kontribusyon at Suliranin ng mga Manggagawa sa Impormal na Ekonomya

III. **Pag-alam at Paggigiit: Ang mga Karapatang Pantao ng mga Manggagawa sa Impormal na Ekonomya** ........ 39
- Mga Prinsipyo, Konsepto, at Katangian ng mga Karapatang Pantao
- Pagdulog na Batay sa mga Karapatang Pantao (*Rights-Based Approach*) at mga Obligasyon ng Estado
- Mga Karapatang Sibil at Pampulitika
- Mga Karapatang Ekonomiko, Sosyal, at Pangkultura

IV. **Pagtugon sa Ilang Pangangailangang Pang-Organisasyon: Paglutas at Pamamahala ng Sigalot/ Hidwaan at Gawaing Paralegal** ........ 95
- Paglutas at Pamamahala ng Sigalot/ Hidwaan
- Gawaing Paralegal

V. **Pagsulong: Pagpapakita ng Pinakamahuhusay na Praktika ng Ilang Grupo sa Impormal na Sektor** ........ 155
- Pagnenegosyo
- Proteksyong Panlipunan
- Paglutas ng Tunggalian
- Pakikipagtulungan sa mga LGU
- Konsolidasyon at Pagsisinsin ng Organisasyon
- Mga Bago at Orihinal na Estratehiya sa Pag-oorganisa sa Impormal na Sektor

VII. **Sintesis, Paghahapag ng Komitment at Pangwakas na Ritwal** ........ 161




# PAGPAPALAGAYANG-LOOB



## Panimula





# I. Pagpapalagayang-Loob: Panimula

| PAKSA | AKTIBIDAD | PAMAMARAAN | TAGAL |
|---|---|---|---|
| Unang Modyul: Panimula<br>-Pakilanlanan | Ako Si... | | 45 min. |
| | Bahay-Bata-Bagyo | Laro | 30 min |
| -Pagpatag ng daan/ Bahaginan ng Inaasahan | PAGASA report | Pagpaplano; talakayan | 40 min |

Layunin ng bahaging ito na ilatag ang katangian ng pagsasanay. Nakatuon ito sa mga aktibidad na tutulong sa mga kalahok para makapalagayang-loob ang isa't isa.

## SESYON 1: Pakilanlanan

*Pangkalahatang Layunin*

- Lumikha ng kapaligiran ng bayanihan na makapagpapadaloy sa proseso ng pagkatuto ng bawat isa

*Mga Partikular na Layunin*

- Makapalagayang-loob ang mga kapwa-kalahok at ang mga tagapagpadaloy at tagadokumento ng pagsasanay
- Maipakilala ang sarili at makilala ang mga kapwa-kalahok nang higit sa pangalan at mukha







## Aktibidad 1: Ako si...

Proseso:

1. Hihilingin ng tagapagpadaloy na ang mga kalahok ay mag-isip ng isang kilos/ postura (hal., indak ng paa) na gusto nilang gawin habang isa-isa silang nagpapakilala.

2. Sasabihin ng unang magpapakilala na "Ako si (pangalan). Iaarte niya ang inisip na kilos habang sinasabi nang malakas ang kanyang pangalan. Pagkatapos ng unang pangungusap, babanggitin din niya ang kanyang edad, bayan/ probinsya, trabaho, atbp.

3. Bago magpakilala ng sarili, babanggitin ng ikalawang kalahok ang pangalan ng taong sinundan niya: "Siya si (pangalan ng sinundang kalahok). Habang binabanggit ang nasabing pangalan, iaarte rin niya ang kilos na ginawa nito.

4. Ganito ang gagawin ng lahat ng kalahok. Bago ipakilala ang sarili, uulitin muna nila ang pagpapakilala ng lahat ng nauna sa kanila.



Mga Gagamitin: Kwartong kasya ang isang malaking bilog ng 30 kalahok



Tagal: 30-45 minuto (depende sa dami ng kalahok)



## Integrasyon

*Mahahalagang Punto:*

1. Importante sa pagsasanay na ito na malaman at matandaan ang pangalan ng mga kapwa-kalahok at tagapagpadaloy/ tagadokumento dahil magkakasama sila sa loob ng tatlo hanggang apat na araw.

2. Idinisenyo ang mga aktibidad sa pagsasanay na ito hindi lamang







para sa pag-uusap at pagbabahaginan ng mga ideya at karanasan; may mga ehersisyo ring naglalayong magbunsod ng pagkilos (*action-oriented exercises*).

## Aktibidad 2: Ang Isa ko pang Sarili

1. Magsisimula ang tagapagpadaloy sa pagpapaliwanag na halos lahat sa atin ay may iniuugnay na bagay, halaman, bulaklak, hayop, insekto, pangyayari, personalidad, at iba pa sa sarili dahil mayroon tayong mga personal na katangiang taglay ng mga iyon.

2. Pagkatapos, sa gabay ng tagapagpadaloy, bawat kalahok ay mag-iisip ng isang bagay (halaman o bulaklak, hayop o insekto, pangyayari, personalidad, atbp.) na pinakamahusay na kakatawan sa kanyang sarili. Ito ang magiging *alter ego* niya o "isa pang sarili."

3. Idodrowing ng bawat kalahok ang kanyang *alter ego* sa *bond paper*.

4. Sa kanang bahagi ng drowing, isusulat niya ang mga positibong katangian ng *alter ego* na umaayon sa mga positibong katangian ng kalahok. Sa kaliwa naman, isusulat ng kalahok ang mga negatibong katangian ng kanyang *alter ego* na nakikita rin niya sa kanyang sarili.

5. Pagkatapos nito, bubuo ang mga kalahok ng maliliit na grupo na may 5-6 na myembro. Sa mga grupong ito, ipapaliwanag ng bawat myembro ang kanyang *alter ego*. Maaaring gamitin ng mga kalahok sa pagpapaliwanag ng kanilang drowing ang mga sumusunod na tanong at punto:

   - Bakit mo pinili ang bagay/ hayop/ personalidad na iyon bilang *alter ego* mo?
   - Ipaliwanag ang mga positibo at negatibong katangian na inilista mo.
   - Ano ang naramdaman mo habang ginagawa ang ehersisyo?

6. Isasabit ang mga *alter ego* sa isang sampayang makikita at mapahahalagahan ng lahat.



Mga Gagamitin: *bond paper*, krayola, mga mesa, sampayan/ tali

Tagal: 20 minuto para sa drowing, 30 minuto para sa bahaginan

## Integrasyon

*Mahahalagang Punto:*

1. Sa alinmang proseso ng pagkatuto, napakahalagang makilala natin ang ating sariling kalakasan at kahinaan, kalabisan at limitasyon.

2. Sa pagsasanay na ito, mahalaga ring makilala ang ating mga kapwa-kalahok at mga tagapagpadaloy nang higit pa sa kanilang pangalan at mukha. Nangangailangan ito ng panahon at pagsisikap.

3. Mayroon pa tayong tatlo hanggang apat na araw sa pagsasanay na ito. Gamitin natin ang panahong ito para kilalanin ang isa't isa.







# SESYON 2: Paglalahad ng Inaasahan

*Pangkalahatang Layunin:*

- Magkaunawaan ukol sa mga sumusunod: mga layunin, daloy at nilalaman ng aktibidad; inaasahan sa/ ng mga kalahok; mga alituntunin at iba pang usaping administratibo.

*Mga Partikular na Layunin:*

- Malaman ang mga inaasahan, pangamba, inhibisyon, at iba pa ng mga kalahok.
- Malaman kung sinasalamin ng mga layunin ng pagsasanay ang mga inaasahan ng mga kalahok tungkol sa aktibidad.
- Itakda ang mga hangganan/ saklaw at limitasyon ng mga aktibidad sa usapin ng mga layunin, nilalaman at pamamaraan.
- Malaman kung may kailangang baguhin sa mga nilalaman at pamamaraan ng aktibidad.



## Aktibidad 1: Ulat ng PAGASA[1]

Proseso:

1. Magbibigay ang tagapagpadaloy ng mga metakard na susulatan ng mga kalahok ng kanilang mga inaasahan ayon sa mga sumusunod:

   *Pink* – mga inaasahan sa resulta ng pagsasanay
   Asul - mga inaasahan sa proseso at pamamaraan ng pagsasanay
   Pula - mga inaasahan sa sarili at kapwa-kalahok
   Dilaw – mga hadlang sa pagkatuto

2. Pagkatapos ng 10 minuto, ipapadikit ng tagapagpadaloy sa mga kalahok ang kanilang mga sagot.

3. Iaayos nila ang mga sagot ayon sa mga sumusunod na pamagat:

   - ididikit sa ilalim ng PA o PANGARAP ang mga nakasulat sa ***pink* na metakard** (tungkol sa resulta ng pagsasanay)

[1] Halaw mula sa modyul ng Coalition Against Trafficking in Women-Asia Pacific o ATW-AP para sa Young Men's Camp ukol on Gender Issues, Sexuality and Prostitution. May ilang pagbabagong ginawa.





- ididikit sa ilalim ng GA o GAWAIN ang mga nakasulat sa **asul na metakard** (tungkol sa proseso at mga metodolohiya)
- ididikit sa ilalim ng SA o SARILI ang mga nakasulat sa **pulang metakard** (tungkol sa sarili at kapwa-kalahok)
- ididikit sa huling kolum ang mga nakasulat sa **dilaw na metakard** (tungkol sa mga hadlang sa pagkatuto)

4. Pagkatapos, pamumunuan ng tagapagpadaloy ang talakayan ukol sa mga inaasahang ibabahagi ng mga kalahok. Sa pagtalakay sa mga tinukoy na hadlang, importanteng tanungin ang bawat isa kung anong gawi/ pagdulog ang kailangan upang matugunan ang mga usapin.

5. Matapos iproseso ang mga inaasahan at nakitang mga hadlang, ilalatag ng tagapagpadaloy ang mga layunin, daloy at pamamaraan ng mga aktibidad sa pagsasanay.

6. Importante: Tanungin ang mga kalahok kung mayroon silang mga tanong/ suliranin sa mga layunin, daloy at pamamaraan ng aktibidad sa pagsasanay.

7. Pagkatapos nito, ibibigay ng tagapagpadaloy ang mga jornal ng pagkatuto. Ipapaliwanag niya na maaaring isulat ng mga kalahok sa nasabing jornal ang mga *insight* nila kaugnay ng aktibidad.



Mga Gagamitin: mga metakard, *masking tape, marker*



Tagal: 50 minuto







## Integrasyon

*Mahahalagang Punto:*

1. Kahit iba't iba ang ating pinagmulan (lugar, komunidad, grupong etniko, karanasan, atbp.), kabilang tayong lahat sa tinataguriang impormal na sektor. Hinuhubog ng ating mga suliranin at pakikibaka ang kalikasan ng ating gawain.

2. Narito tayo para makamit ang kolektibong layunin natin sa pagpapaunlad ng ating kasanayan, kaalaman, at mga gawi bilang mga manggagawa sa impormal na ekonomya. Makakatulong ito sa pagtugon natin sa mga problemang kaugnay ng ating trabaho.

3. Nakasentro sa kalahok ang mga aktibidad na nagbibigay ng pagkakataon upang ang bawat isa ay maging mag-aaral at tagapagpadaloy ng pagkatuto. Kailangan ang kooperasyon ng mga kalahok sa pagkakamit ng mga layunin ng pagsasanay.

**Mga Sanggunian:**


- **Coalition Against Trafficking in Women – Asia Pacific (CATW-AP). (2006).** Module on Gender Issues, Sexuality and Prostitution for Young Men, *Unpublished*

- **Ortigas C. (1990).** Group Processes and the Inductive Method: Theory and Practice in the Philippines (Handbook for Facilitators)

- **Philippine Peasant Institute. (1986).** 'Sang Bagsak (Popular na Edukasyon): Gabay sa Pagpapaunlad ng Instruktor

- **Volunteer Service Overseas (VSO), International Institute of Rural Reconstruction (IIRR) and Popular Education for People's Empowerment (PEPE). (1998).** Creative Training: A User's Guide, Quezon City, Philippines




# ISANG KAHIG-ISANG TUKA



## Mga Pinagmulan, Kontribusyon, at Suliranin ng mga Manggagawa sa Impormal na Sektor





# II. Isang Kahig-Isang Tuka: Mga Pinagmulan, Kontribusyon, at Suliranin ng mga Manggagawa sa Impormal na Sektor

| PAKSA | AKTIBIDAD | PAMAMARAAN | TAGAL |
|---|---|---|---|
| **Ikalawang Modyul: Mga Manggagawa sa Impormal na Ekonomya**<br>- Pagbaybay sa mga Pinagmulan ng mga Manggagawa sa Impormal na Ekonomya | Ilog ng Buhay | Drowing, bahaginan, talakayan | 1 oras |
| | Panonood ng pelikula("Between the Cracks...") | Panonood ng pelikula, bahaginan, talakayan | 50 min. |
| - Kahulugan, kontribusyon, mga problema at isyu ng mga manggagawa sa impormal na ekonomya | Lektyur | Lektyur-talakayan | 2 oras |

*Pangkalahatang Layunin:*
Sa pagtatapos ng modyul na ito, inaasahan na mas lalalim ang pang-unawa ng mga kalahok ukol sa magkakawangis na tanong tungkol sa impormal na ekonomya.

Sa partikular, kailangang magawa nila ang mga sumusunod:

- Tukuyin at ipaliwanag ang mga salik na nagbunsod ng pagsulpot ng impormal na sektor
- Tukuyin ang limang sabsektor ng impormal na sektor
- Tukuyin at ipaliwanag ang nagpapatuloy na mga isyung walang lubay na nagpapahirap sa mga manggagawa sa impormal na ekonomya
- Kilalanin at ipahayag ang mga kontribusyon ng impormal na sektor sa lipunang Pilipino







# SESYON 3: Pagsulpot at Paglago ng Impormal na Sektor



## Aktibidad: Ilog ng Buhay[2]

*Layunin:*
Layunin ng aktibidad na palabasin ang mga karanasan/ kwento na magkakawangis sa mga kalahok kaugnay ng nakaraan at kasalukuyan nilang trabaho at estado sa buhay.

*Proseso:*

1. Magbibigay ng maikling oryentasyon ang tagapagpadaloy ukol sa mga makahulugang simbolo na iniuugnay ng mga tao sa ilog. Iba't iba ang representasyon ng ilog sa buhay ng tao. Itinuturing sa ilang kultura na ito ay simbolo ng kanilang personal na paglalakbay. Ayon kay Deepak Chopra, ang ilog ng ating buhay ay laging dumadaloy sa pagitan ng dalawang pampang: pampang ng pagdurusa at pampang ng kaligayahan.

2. Pagkatapos ng introduksyong ito, ang bawat kalahok ay bibigyan ng tagapagpadaloy ng krayola at *bond paper.* Idodrowing nila rito ang ilog ng kanilang buhay, nang may tuon sa nakaraan at kasalukuyan nilang trabaho/ kabuhayan o pinagmumulan ng kita. Mas mainam kung magsisimula sila sa kauna-unahan nilang trabaho, hanggang sa kasalukuyan. Maaari silang magsimula sa pahayag na *'Naging manininda/ drayber/ magsasaka/ mangingisda (atbp) ako dahil* ____________________.

---

[2] Halaw sa Hope A. and S. Timmel (1984) Training for Transformation: A Handbook for Community Workers; nilapatan ng ilang pagbabago.







3. Hihikayatin sila na bigyang-diin ang mga kondisyon ng kanilang pagtatrabaho sa iba't ibang yugto ng buhay nila, gamit ang iba't ibang kulay (hal., madidilim na kulay para sa mahihirap na panahon, at maaaliwalas na kulay para sa mga panahong kasiya-siya ang pagtatrabaho). Importante ring bigyang-diin ang mga salik (pangyayari/ sitwasyon, mga tao (pamana ng pamilya) na nagtulak sa kanila sa iba't ibang karanasan ng pagtatrabaho. Maaaring ipakita sa drowing ang mga salik na ito sa pamamagitan ng bato, mabilis na agos, at iba pang simbolismo. Pwede ring isulat ng mga kalahok ang mga salik na "positibo" sa kaliwang pampang at/ o sa kanan naman ang mga salik na "negatibo."

4. Pagkatapos ng 10-15 minuto, papangkatin ng tagapagpadaloy ang mga kalahok sa maliliit na grupong may 5-6 na myembro. Ibabahagi ng bawat kalahok ang ilog ng kanyang buhay sa grupong kinabibilangan niya.

5. Magtatalaga ng isang tagapagpadaloy at isang tagapagtala ang bawat grupo. Pagkatapos ng bahaginan, tutukuyin ng mga kalahok ang magkakawangis na tema/ salik sa kanilang mga ilog ng buhay.

6. Kasunod nito, ang bawat grupo ay maghahanda ng maikling dula tungkol sa mga natukoy na magkakawangis na tema/ isyu.

7. Ipapalabas ang maiikling dula sa buong worksyap. Pagkatapos ng bawat presentasyon, ipapaliwanag ng isang myembro ng bawat grupo ang kahulugan ng kanilang dula.

8. Pagkatapos ng lahat ng presentasyon, babalikan ng tagapagpadaloy ang magkakawangis na tema/ salik/ isyu at papatampukin niya ang mahahalagang punto.



Mga Gagamitin: *bond paper*, krayola

Tagal: 1 oras at 30 minuto







## Integrasyon

**1. Saan nagmula ang impormal na sektor?**

a. Karamihan sa nasa impormal na sektor ay mga manggagawa sa agrikultura na dumayo sa mga sentrong urban para maghanap ng trabaho.

b. Kulang sa kasanayan at kaalaman, walang nakitang trabaho sa syudad ang mga nandayuhang ito. Kaya ang nangyari, pumasok na lamang sila sa kahit anong mapagkakakitaan, para lamang mabuhay.

**2. Saan natin matatagpuan ang impormal na sektor?**

a. Walang kakayahan para sa disenteng pamamahay at mga serbisyo, sila rin ang bumubuo ng dumaraming pamilya ng maralitang tagalungsod na naninirahan sa mga delikadong lugar-publiko (gilid ng ilog, estero, parke, gilid ng haywey at riles ng tren) at mga pribadong lote sa syudad.

b. Itinuturing din ang mga impormal na pang-ekonomyang aktibidad na "ispontanyo at malikhaing tugon ng populasyon sa kawalang-kakayahan ng estado na tugunan ang mga batayang pangangailangan ng mahihirap." Binigyang-pansin nga ng isang awtor na "kung saan may kahirapan, naroon ang impormal na sektor."

**3. Sino ang impormal na sektor (IS)?**

a. Ayon sa pamantayan ng International Labour Organization (ILO), kabilang sa IS ang mga pang-ekonomyang aktibidad kapag:

*(1) May di-binabayarang mga manggagawang pamilya sa isang negosyo;*
*(2) Mas kakaunti sa 10 tao ang nagtatrabaho sa isang negosyo;*
*(3) Walang legal na mga regulasyon o hindi sinusunod ang mga umiiral na regulasyon;*
*(4) Walang regular na oras ng trabaho;*
*(5) Pana-panahon ang trabaho; at*
*(6) Walang masasaligang regular na pautang.*







b. Noong 1998, binuo ng ILO ang kahulugan ng impormal na sektor bilang *"maliitan at sariling-kayod na mga aktibidad o* small scale and self-employed activities *(wala o may upahang manggagawa) na nagsusuplay ng mga kalakal at serbisyo sa mababang antas ng organisasyon, kasanayan at teknolohiya. Pangunahing layunin nito na lumikha ng mga trabaho at kita. Kadalasang ginagawa ang mga aktibidad nang walang kaukulang pagkilala mula sa mga awtoridad at lingid sa atensyon ng administratibong makinarya na nakatalaga sa pagpapatupad ng mga batas at regulasyon.*

***4. Sino-sino ang mga itinuturing na hindi bahagi ng impormal na sektor?***

a. Permanente o boluntaryong tambay (walang trabaho)
b. Mga retirado

**Karagdagang Impormasyon**

Kasama rin sa depinisyon ng impormal na sektor ang mga *structurally unemployed* o mga taong hindi ibinibilang sa pormal na trabaho dahil sa isang burukratikong sistema na hindi lumilikha ng sapat na trabaho. Kadalasan, humahanap sila ng trabaho bilang agdong-buhay, at sa proseso, sila ay nagiging impormal na manggagawang *small-scale*, sariling-kayod, o upahan. Ang iba pang mga salik na nakakadagdag sa pagiging *structurally unemployed* ay ang mababang antas ng edukasyon at kasanayan, mga pamantayan na kadalasang kapareho ng hinahanap at hinihingi ng pormal na ekonomya.

Sa ilalim ng modelong programa ng pagkilos na pinamunuan ng Department of Labor and Employment (DOLE) noong 2001 para tugunan ang pangangailangan ng impormal na sektor, ginamit ng National Statistics Coordination Board (NSCB) ang isang opisyal na depinisyon noong Nobyembre, 2002. Inilalarawan ng depinisyong ito ang impormal na bahagi ng ekonomya ng Pilipinas bilang:

> *Mga yunit na nasa produksyon ng mga kalakal at serbisyo na may pangunahing layunin na lumikha ng hanapbuhay at kita sa kinauukulang mga tao. Binubuo ang mga ito ng mga negosyong-bahay na di-inkorporado na lumilikha ng mga kalakal na pangmerkado at di-pangmerkado at mga produkto ng serbisyong pangmerkado. Pinatatakbo ang mga ito ng*





## Integrasyon

**1. Saan nagmula ang impormal na sektor?**

a. Karamihan sa nasa impormal na sektor ay mga manggagawa sa agrikultura na dumayo sa mga sentrong urban para maghanap ng trabaho.

b. Kulang sa kasanayan at kaalaman, walang nakitang trabaho sa syudad ang mga nandayuhang ito. Kaya ang nangyari, pumasok na lamang sila sa kahit anong mapagkakakitaan, para lamang mabuhay.

**2. Saan natin matatagpuan ang impormal na sektor?**

a. Walang kakayahan para sa disenteng pamamahay at mga serbisyo, sila rin ang bumubuo ng dumaraming pamilya ng maralitang tagalungsod na naninirahan sa mga delikadong lugar-publiko (gilid ng ilog, estero, parke, gilid ng haywey at riles ng tren) at mga pribadong lote sa syudad.

b. Itinuturing din ang mga impormal na pang-ekonomyang aktibidad na "ispontanyo at malikhaing tugon ng populasyon sa kawalang-kakayahan ng estado na tugunan ang mga batayang pangangailangan ng mahihirap." Binigyang-pansin nga ng isang awtor na "kung saan may kahirapan, naroon ang impormal na sektor."

**3. Sino ang impormal na sektor (IS)?**

a. Ayon sa pamantayan ng International Labour Organization (ILO), kabilang sa IS ang mga pang-ekonomyang aktibidad kapag:

*(1) May di-binabayarang mga manggagawang pamilya sa isang negosyo;*
*(2) Mas kakaunti sa 10 tao ang nagtatrabaho sa isang negosyo;*
*(3) Walang legal na mga regulasyon o hindi sinusunod ang mga umiiral na regulasyon;*
*(4) Walang regular na oras ng trabaho;*
*(5) Pana-panahon ang trabaho; at*
*(6) Walang masasaligang regular na pautang.*







b. Noong 1998, binuo ng ILO ang kahulugan ng impormal na sektor bilang *"maliitan at sariling-kayod na mga aktibidad* o small scale and self-employed activities *(wala o may upahang manggagawa) na nagsusuplay ng mga kalakal at serbisyo sa mababang antas ng organisasyon, kasanayan at teknolohiya. Pangunahing layunin nito na lumikha ng mga trabaho at kita. Kadalasang ginagawa ang mga aktibidad nang walang kaukulang pagkilala mula sa mga awtoridad at lingid sa atensyon ng administratibong makinarya na nakatalaga sa pagpapatupad ng mga batas at regulasyon.*

***4. Sino-sino ang mga itinuturing na hindi bahagi ng impormal na sektor?***

a. Permanente o boluntaryong tambay (walang trabaho)
b. Mga retirado

## Karagdagang Impormasyon

Kasama rin sa depinisyon ng impormal na sektor ang mga *structurally unemployed* o mga taong hindi ibinibilang sa pormal na trabaho dahil sa isang burukratikong sistema na hindi lumilikha ng sapat na trabaho. Kadalasan, humahanap sila ng trabaho bilang agdong-buhay, at sa proseso, sila ay nagiging impormal na manggagawang *small-scale*, sariling-kayod, o upahan. Ang iba pang mga salik na nakakadagdag sa pagiging *structurally unemployed* ay ang mababang antas ng edukasyon at kasanayan, mga pamantayan na kadalasang kapareho ng hinahanap at hinihingi ng pormal na ekonomya.

Sa ilalim ng modelong programa ng pagkilos na pinamunuan ng Department of Labor and Employment (DOLE) noong 2001 para tugunan ang pangangailangan ng impormal na sektor, ginamit ng National Statistics Coordination Board (NSCB) ang isang opisyal na depinisyon noong Nobyembre, 2002. Inilalarawan ng depinisyong ito ang impormal na bahagi ng ekonomya ng Pilipinas bilang:

> *Mga yunit na nasa produksyon ng mga kalakal at serbisyo na may pangunahing layunin na lumikha ng hanapbuhay at kita sa kinauukulang mga tao. Binubuo ang mga ito ng mga negosyong-bahay na di-inkorporado na lumilikha ng mga kalakal na pangmerkado at di-pangmerkado at mga produkto ng serbisyong pangmerkado. Pinatatakbo ang mga ito ng*





*mga nagsasariling manggagawa* (own-account workers), *na maaaring umuupa ng di-sinuswelduhang pamilyang manggagawa at paminsan-minsan, pana-panahong mga upahang trabahador. Ang mga negosyong ito ay pwede ring ariin at patakbuhin ng mga* employer, *na maaaring tuloy-tuloy na umupa nang mas kaunti sa 10 manggagawa. Labas dito ang mga korporasyon, malakorporasyon, mga yunit na may 10 o higit pang manggagawa,* corporate farms, *komersyal na paghahayupan at komersyal na pangisdaan. (NSCB)*

Importanteng pansinin na kinikinis pa ang opisyal na depinisyong ito, laluna ang hanay ng kung sino ang ihihiwalay/ isasama. Sa pangkalahatan, tungkol sa impormal na sektor ang depinisyong ito, at ang ilang punto nito ay maaaring hindi umangkop sa sitwasyon ng mga sabsektor o ng mga ispesipikong maliliit na negosyong bumubuo ng impormal na sektor. Sa mga talakayan sa iba't ibang organisasyon ng IS, naging mapanggiit ang mga lider sa paghimay hanggang sa kaliit-liitang pagkakaiba sa mga sabsektor ng IS. Gayundin, maliban sa *bilang ng manggagawa (mas kaunti sa 10)* na isinasaad ng depinisyong ito, malaki ang pangangailangan na higit na isaalang-alang ang *halaga ng kapital.* Pinaniniwalaan na ang kapital ng maliitang negosyo sa impormal na ekonomya ay hindi lalampas sa P50,000.00 (ESCR-Asia: 2005).

# SESYON 4: Mga Kontribusyon at Isyu ng mga Manggagawa sa Impormal na Ekonomya



## Aktibidad 1: Panonood ng Pelikulang Dokumentaryo

*Mga Layunin:*
Sa pamamagitan ng pelikulang dokumentaryo, inaasahan na ang mga kalahok ay:

- makatukoy ng mga importanteng kontribusyon/ papel ng impormal na sektor sa lipunang Pilipino
- makapagtala ng mga isyu at problema na kinakaharap ng impormal na sektor







*Proseso:*

1. Panonoorin ng mga kalahok ang pelikulang dokumentaryong "Between the Cracks: Voices of the Philippine Informal Sector."
2. Pagkatapos ng panonood, magbibigay ng mga metakard ang tagapagpadaloy at ipapasulat niya sa mga kalahok ang mga sumusunod:
   - Mga importanteng kontribusyon at papel na ginagampanan ng impormal na sektor sa ating lipunan ayon sa pelikula (sa dilaw na metakard);
   - Mga isyu at problema ng impormal na sektor (sa asul na metakard).
3. Matapos ito, ipapadikit ng tagapagpadaloy sa mga kalahok ang kanilang mga sagot sa ilalim ng dalawang pamagat – mga kontribusyon at mga isyu at problema.
4. Pagsasama-samahin ng tagapagpadaloy ang mga sagot na may pare-parehong kahulugan at ipapaliwanag niya sa mga kalahok ang kanilang mga sagot ayon sa sarili nilang karanasan sa pagtatrabaho. Maaaring magdagdag ng mga detalye o magkomento sa sagot ng kapwa-kalahok ang iba pang kalahok sa pamamagitan ng pagbabahagi ng sarili nilang mga kwento/ karanasan kaugnay ng paksang tinatalakay (mga kontribusyon o mga isyu at problema).
5. Para sa integrasyon, magbibigay ng *input* ang tagapagpadaloy ukol sa mga katangian, kontribusyon at isyu ng impormal na sektor. Ang mga *input* ay batay sa mga pananaliksik ukol sa paksa.

Mga Gagamitin: kopyang DVD ng pelikula - *DVD player* at malaking *screen/ monitor*, *marker*, mga metakard, *masking tape*

Tagal: 45-50 minuto; integrasyon at pagpoproseso - 1 oras







## Input

**Mga Pangunahing Katangian ng Impormal na Negosyo sa Pilipinas (Indon: 2007 A):**

1. ***Negosyong Sambahayan***
   Ang tipong ito ng negosyo ay pinatatakbo ng isang grupo ng mga tao na magkakasama sa iisang silid-kainan at silid-tulugan.

2. ***Lumalaking katangiang pangkababaihan***
   - Noong 1996, 10.30 milyon ang itinuturing na sariling-kayod na manggagawa; mga babae ang 31.2% sa kanila.
   - Noong 2001, 11.26 milyon ang itinuturing na sariling-kayod na manggagawa, mga babae ang 35% sa kanila.
   - Lumaki nang 22.1% ang mga negosyong impormal na pinamumunuan ng mga babae; habang hanggang 3.4% lamang ang inabot ng pinamumunuan ng mga lalaki.

3. ***Malaking Bilang***
   Noong 2005, 92% ng mga bahay-kalakal sa bansa ay tipong *micro-enterprise* (mga serbisyong pakyawan at tingi, at sab-industriya sa pagmamanupaktura gaya ng produktong pagkain at inumin, kasuotan, mga produktong *fabricated metal*, at *non-metallic* na mga produktong mineral).

4. ***Konsentrado sa mga sentrong urban, laluna sa NCR***

   Halos pito sa 10 *micro* at maliitang negosyo (*small-scale businesses*) ay matatagpuan sa Luzon, konsentrado sa NCR, CALABARZON at Central Luzon ang karamihan.

5. ***Mababang Produktibidad***
   Tatlumpong porsyento lamang ng *gross value added* ng ekonomya ng Pilipinas ang nagmumula sa *micro* at maliitang negosyo sa bansa; habang 70% naman ang nagmumula sa malalaking negosyo, na kumakatawan sa 0.3% ng kabuuang bahay-kalakal sa bansa.

**Klasipikasyon ng mga Impormal na Negosyo**

1. Pangkabuhayang negosyo
2. Komersyal o *growth-oriented* na negosyo



## Mga Kontribusyon ng mga Manggagawa sa Impormal na Ekonomya (ESCR-Asia: 2005)

1. Tinatantiyang magdadagdag ng 40 hanggang 70% sa Gross Domestic Product (GDP) o halaga ng mga kalakal at serbisyo ng bansa. Isa ang GDP sa mga salik na nagtatakda ng lakas ng ekonomya ng bansa.
2. Lumilikha at nagbibigay ng lubhang kailangang trabaho at kita.



3. Nagbibigay ng trabaho sa mga kulang ang sweldo, mga na-*displace* at nasisanteng manggagawa, mga pwersahang nagretiro, at mga nakapag-aral pero wala pang trabaho.
4. Nagsisilbing mekanismo ng angdong-buhay o pangsalo sa gutom.
5. Pinalalawak ang merkado at binibigyan ito ng lubos na pleksibilidad, nagtataguyod ng paglago ng ekonomya.
6. Nagbibigay ng "sweldong kalakal" gaya ng murang paggawa, hilaw na materyales, at domestikong serbisyo sa pormal na sektor, na nagpapahina sa epekto ng matinding implasyon at *real income variation* sa mga trabahador na may takdang-kita (*fixed-wage earners*).
7. Nagbibigay ng mga trabahong *subcontracting* sa mga negosyo sa pormal na sektor, na nangangahulugan ng mababang gastos sa produksyon.
8. Araw-araw na nagbibigay ng murang mga kalakal at serbisyo sa mga residente ng mga lungsod.
9. Nagbibigay ng mga kalakal na may mga katangiang inaasam ng mga konsyumer, komunidad, at merkado.
10. Pumupuno sa hindi maibigay ng gobyerno sa usapin ng pangangailangan at serbisyong pang-imprastruktura tulad ng tubig, impormal na tirahan, mga *daycare center*, at pangongolekta at pagreresaykel ng basura.

## Karagdagang Impormasyon

Sa isang pag-aaral na naglalarawan sa sitwasyon ng mga impormal na negosyo sa Pilipinas, binanggit ng awtor ang mga sumusunod na katangian

ng mga impormal na negosyo sa bansa (ESCR-Asia: 2007):

*Negosyong Sambahayan*

Nakabase sa sambahayan ang karamihan sa mga impormal na negosyo. Ibig sabihin, pinapatakbo ang negosyo ng isang panlipunang yunit na magkakasama sa silid-tulugan at silid-kainan. Nasa bahay at mag-isang pinatatakbo ng may-ari o propetaryo ang marami sa mga impormal na negosyong ito.

*Lumalaking katangiang pangkababaihan*

Noong 1996, tinatayang 10.30 milyon ang itinuturing na sariling-kayod na manggagawa o *own-account workers*. Sa bilang na ito, 31.2% ang kababaihan. Pagdating ng 2001, tumaas sa 11.26 milyon ang mga sariling-kayod na manggagawa, 35% nito ay kababaihan. Sa loob ng parehong limang taong pagitan, tumaas nang may 22.1% ang bilang ng mga impormal na negosyong pinamumunuan ng mga babae, habang 3.4% lamang ang itinaas ng bilang ng pinamumunuan ng mga lalaki. Sa madaling salita, parami nang parami ang mga babaing pumapasok sa impormal na ekonomya para magtayo at mamahala ng sariling negosyo. (Ibid).







**Talahanayan 1. Halimbawang estimasyon ng laki ng pormal at impormal na ekonomya batay sa trabaho (tipo ng manggagawa), 1996 at 2001**

| Tipo ng manggagawa | 1996 | | | 2001 | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Bilang (sa 000) | % sa kabuuang manggagawa | % kababaihan | Bilang (sa 000) | % sa kabuuang manggagawa | % kababaihan |
| Pormal: Sahuran at swelduhang manggagawa | 13,096 | 47.7 | 35.8 | 14,751 | 49.0 | 38.2 |
| Pribadong sektor | 11,010 | 40.1 | 33.4 | 12,385 | 41.1 | 35.7 |
| Gobyerno | 2,086 | 7.6 | 48.5 | 2,366 | 7.9 | 51.1 |
| Impormal | 14,346 | 52.3 | 37.8 | 15,334 | 51.0 | 39.9 |
| Sariling-kayod na manggagawa | 10,297 | 37.5 | 31.2 | 11,257 | 37.4 | 34.8 |
| Di-binabayarang pamilyang manggagawa | 4,049 | 14.8 | 55.0 | 4,077 | 13.6 | 54.0 |
| Kabuuang bilang ng manggagawa | 27,442 | 100.0 | 37.6 | 30,085 | 100.0 | 39.1 |

Pinaghalawan: Philippine Yearbook, NSO (2002), cited in Indon (2007 A)

Kapansin-pansin din na karamihan sa mga bahay-kalakal na pag-aari at pinatatakbo ng mga babae ay nakatutok sa tingi at serbisyong pagkain at inumin, maliliit na tindahan o tindahang sari-sari, mga personal at pangsambahayang serbisyo; at tela, kasuotan, pagmamanupaktura ng katad. Mas pinipili ng kababaihan ang mga ganitong klase ng negosyo dahil hindi sila mapapalayo sa bahay. Gayunman, marami sa mga negosyong pinamumunuan ng mga babae ay bawing-puhunan lamang o pantawid-gutom (ibig sabihin, ginagamit ang tubo para sa pangangailangan ng pamilya sa halip na muling gugulin sa negosyo), at samakatwid, hindi gasinong nagbibigay ng mas maraming pagkakataon para tumubo sa pamamagitan ng mas mataas na produksyon, o pag-abot sa *economies of scale*. (Ibid)

*Malaking bilang*

Noong 2005, iniulat ng BSMED na tipong *micro-enterprise* ang halos 92% ng mga bahay-kalakal sa bansa. Karamihan sa mga negosyong ito ay serbisyo sa kalakalang pakyawan at tingi at sa mga sab-industriya sa pagmamanupaktura (hal., produktong pagkain at inumin, kasuotan, produktong *fabricated metal*, at *non-metallic* na mga produktong mineral.





**TALAHANAYAN 2. Bilang ng *micro* at maliitang bahay-kalakal ayon sa tipo ng industriya**

| Tipo ng Industriya | Micro | | Maliitan | | Lahat ng bahay-kalakal |
|---|---|---|---|---|---|
| | Bilang | % kabuuang bahay-kalakal | Bilang | % kabuuang bahay-kalakal | Kabuuang bilang |
| **AGRIKULTURA** | **1,985** | **46.5** | **2,004** | **46.9** | **4,270** |
| Agrikultura pangangaso, paggugubatan | 1,468 | 47.0 | 1,434 | 45.9 | 3,125 |
| Pangisdaan | 517 | 45.2 | 570 | 49.8 | 1,145 |
| **INDUSTRIYA** | **111,074** | **87.0** | **13,783** | **10.8** | **127,650** |
| Pagmimina at pagtitibag ng bato (*quarrying*) | 198 | 60.4 | 105 | 32.0 | 328 |
| Pagmamanupaktura | 108,898 | 88.2 | 12,163 | 9.9 | 123,406 |
| Elektrisidad, gaas at tubig | 492 | 39.6 | 540 | 43.5 | 1,241 |
| Konstruksyon | 1,486 | 55.6 | 975 | 36.4 | 2,675 |
| **MGA SERBISYO** | **630,569** | **92.9** | **44,998** | **6.6** | **678,442** |
| Kalakalang pakyawan at tingi | 415,753 | 95.7 | 18,220 | 4.2 | 434,650 |
| Hotel at restoran | 81,563 | 92.0 | 6,856 | 7.7 | 88,624 |
| Transportasyon, pag-iimbak at komunikasyon | 10,768 | 75.2 | 3,204 | 22.4 | 14,318 |
| Pinansyal na pamamagitan o *mediation* | 18,438 | 76.6 | 5,459 | 22.7 | 24,061 |
| Real *estate*, pagpapaupa, at pang-negosyong aktibidad | 34,427 | 88.4 | 3,875 | 10.0 | 38,940 |
| Edukasyon | 4,928 | 52.8 | 3,898 | 41.7 | 9,338 |
| Gawaing pangkalusugan at panlipunan | 26,697 | 94.7 | 1,287 | 4.6 | 28,201 |
| Iba pang aktibidad sa panlipunan at personal na serbisyo sa komunidad | 37,995 | 94.3 | 2,199 | 5.5 | 40,310 |
| **LAHAT NG INDUSTRIYA** | **743,628** | **91.8** | **60,785** | **7.5** | **810,362** |

Pinaghalawan: BSMED (2005), cited in Indon (2007 A)







*Konsentrado sa mga sentrong urban, laluna sa NCR*

Ipinakikita ng Talahanayan 3 sa ibaba na halos pito sa 10 *micro* at maliitang negosyo ay nasa Luzon, at konsentrado sa National Capital Region, CALABARZON, at Central Luzon (ESCR-Asia, 2007).

**TALAHANAYAN 3. Bilang ng mga *micro* at maliitang bahay-kalakal ayon sa rehiyon**

| Rehiyon | *Micro* | | Maliitan | | Lahat ng bahay-kalakal |
|---|---|---|---|---|---|
| | Bilang | % kabuuang bahay-kalakal | Bilang | % kabuuang bahay-kalakal | Kabuuang bilang |
| LUZON | 497,077 | 91.1 | 43,980 | 8.1 | 545,534 |
| Rehiyon 1: Ilocos | 45,949 | 95.5 | 2,071 | 4.3 | 48,116 |
| Rehiyon 2: Cagayan Valley | 23,980 | 96.2 | 906 | 3.6 | 24,931 |
| Rehiyon 3: Central Luzon | 83,370 | 93.8 | 5,119 | 5.8 | 88,877 |
| Rehiyon 4A: CALABARZON | 109,177 | 93.3 | 6,679 | 5.7 | 116,973 |
| Rehiyon 4B: MIMAROPA | 24,952 | 95.2 | 1,212 | 4.6 | 26,200 |
| Rehiyon 5: Bicol | 29,313 | 94.9 | 1,495 | 4.8 | 30,899 |
| Cordillera Administrative Region | 13,472 | 94.8 | 694 | 4.9 | 14,218 |
| National Capital Region | 166,864 | 85.4 | 25,804 | 13.2 | 195,320 |
| VISAYAS | 106,939 | 92.1 | 8,355 | 7.2 | 116,129 |
| Rehiyon 6: Kanlurang Visayas | 42,462 | 92.8 | 3,040 | 6.6 | 45,757 |
| Rehiyon 7: Gitnang Visayas | 44,526 | 90.4 | 4,226 | 8.6 | 49,263 |
| Rehiyon 8: Silangang Visayas | 19,951 | 94.5 | 1,089 | 5.2 | 21,109 |
| MINDANAO | 139,162 | 93.9 | 8,450 | 5.7 | 148,699 |
| Rehiyon 9: Zamboanga Peninsula | 26,073 | 95.0 | 1,297 | 4.7 | 27,451 |
| Rehiyon 10: Hilagang Mindanao | 30,794 | 93.2 | 2,114 | 6.4 | 33,057 |
| Rehiyon 11: Davao | 32,815 | 91.6 | 2,751 | 7.7 | 35,810 |
| Rehiyon 12: SOCCSKSARGEN | 26,935 | 95.1 | 1,289 | 4.6 | 28,316 |
| Rehiyon 13: CARAGA | 15,102 | 95.0 | 755 | 4.7 | 15,902 |
| Autonomous Region in Muslim Mindanao | 7,893 | 96.7 | 244 | 3.0 | 8,163 |
| Lahat ng industriya | 743,628 | 91.8 | 60,785 | 7.5 | 810,362 |

Pinaghalawan: BSMED (2005), cited in Indon (2007 A)



## Mababang Produktibidad

Sa kabila ng malaking bilang at halaga ng trabahong kanilang nililikha, wala pang 30% ng *gross value added* (GVA) ng ekonomya ng Pilipinas ang nanggagaling sa mga *micro* at maliitang negosyo, habang 70% naman ang nanggagaling sa malalaking negosyo, na kumakatawan sa 0.3% lamang ng lahat ng bahay-kalakal sa bansa (Indon: 2007 A). Sa *economics*, ang GVA ang sukatan ng halaga ng mga kalakal at serbisyong nililikha sa isang lugar o sektor ng ekonomya.

## Klasipikasyon ng mga Impormal na Negosyo

A. *Pang-agdong –buhay* (Survivalist) *na mga Empresang Hanapbuhay*

Ang Pang-agdong-buhay na mga Empresang Hanapbuhay ay yaong nagpapakita ng napakalimitadong potensyal sa paglago kapwa sa paglikha ng kita at trabaho. Bihira silang gumamit ng upahang paggawa, sa halip ay nakasalig sa di-binabayarang mga pamilyang manggagawa sa mga panahong malakas ang negosyo. Sa halip na muling gugulin ang tubo sa negosyo, ginagastos ito sa mga pangangailangan ng pamilya. Karamihan sa mga negosyong ito ay dominado ng mga babaeng abala rin sa iba pang pang-ekonomyang aktibidad gaya ng paghahayupan/ pagmamanukan, pagpoproseso ng pagkain, at maliitang kalakalan. Ang paglago ay kadalasang napipigilan ng mga limitasyon sa *demand*, rekurso, at pisikal na espasyo. (Ibid).

Sampaguita Vendor







*B. Entreprenaryo o Negosyong* Growth-Oriented

Ang *Entreprenaryo o Negosyong* Growth-Oriented ay yaong nagpapakita ng potensyal sa pagpapataas ng produktibidad, pag-upa ng mga manggagawa sa labas ng sambahayan, pagdebelop ng mga bagong kakayahan sa larangan ng produksyon at operasyon, at pagsampa sa pormal na istatus. Ang mga negosyong ito ay pangunahing nasa pagmamanupaktura at mga aktibidad na may kaugnayan sa serbisyo, at pinatatakbo at pag-aari ng bihasa at nakapag-aral na negosyante. Ang tubo ay muling ginugugol sa negosyo upang palawakin ang operasyon at produksyon. (Yu: 1998, cited in Indon: 2007 A).

Ang mga negosyong ito ay pwede pang ikategorya sa dalawang tipo: *small growth type* at *potential graduate type* (Liedlolm and Mead: 1995, binanggit sa Indon: 2007 A). Ang *small-growth type* ay mga negosyong nakakaranas ng paglago, bagaman napakababa ng antas. Samantala, ang *potential graduate type* ay mga negosyong nakakaranas ng tuloy-tuloy na paglago at mayroon nang mga katangian na katulad ng pormal na negosyo.

**Talahanayan 4. *Matrix* ukol sa hanapbuhay at *growth- oriented micro-enterprises***

| | Empresang Kabuhayan | *Growth-oriented micro-enterprises* | |
|---|---|---|---|
| | *No-growth* | *Small-growth* | *Potential graduate* |
| Papel pang-ekonomya | • Pagpapagaan ng kahirapan at kawalang-hanapbuhay | • Pagpapagaan ng kahirapan<br>• Paglikha ng trabaho<br>• Pagpapalago ng ekonomya | • Pagpapagaan ng kahirapan<br>• Paglikha ng trabaho<br>• Pagpapalago ng ekonomya |
| Layunin sa pagpapataas ng produktibidad | Palawakin ang negosyo; magtamo ng mas malaking tubo sa loob ng impormal na ekonomya | Palawakin ang negosyo; magtamo ng mas malaking tubo sa loob ng impormal na ekonomya | Itaguyod ang transisyon at ganap na integrasyon sa pormal na ekonomya |

Pinaghalawan: Yu (1998), cited in Indon (2007 A)





# SESYON 5: Ang mga Manggagawa sa Impormal na Ekonomya Kaugnay ng Dominanteng Ekonomya (*Mainstream Economy)*

*Mga Layunin:*
Layunin ng lektyur-talakayan na ito na palalimin ang pang-unawa ng mga kalahok ukol sa *structural* at *macro-level* na pagsusuri sa mga pinagmulan at kalagayan ng impormal na sektor. Makakatulong ito sa mga kalahok sa pag-intindi na kahit isang *major player* ang IS, nasa laylayan pa rin ito ng lipunan. Pagkatapos ng talakayan, magkakaroon ng maikling bukas na talakayan para sa katanungan ng mga kalahok.

Mga Gagamitin: *lap top computer*
*LCD projector*

Tagal: 45 minuto para sa lektyur;
15 minuto para sa bukas na talakayan

**Mahahalagang Punto**

a. Ang impormal na sektor ay gumagampan ng mahalagang papel sa lipunan sa usapin ng kabuhayan at mga panlipunang serbisyo. Pero hindi binibigyan ng gobyerno ng kaukulang pagkilala ang kontribusyong ito. Sa katunayan, kulang na kulang ang sektor sa legal at panlipunang pagkilala.

b. Lubhang pumapabor sa pormal na sektor ang mga umiiral na batas at iba pang regulasyon, na ikinapapahamak ng mga manggagawa sa impormal na sektor.

k. Kung hindi depektibo, palpak ang pagpapatupad ng ilang probisyon na naglalayong protektahan at itaguyod ang kapakanan ng mga manggagawa sa impormal na sektor; kaya naman hindi kayang salaminin







ng mga ito ang *dynamics* at sala-salabid na realidad ng mga manggagawa sa impormal na ekonomya.

d. Kailangan ang isang mas masasandalang batas at/ o komprehensibong mga programa na magsusulong sa kagalingan ng impormal na sektor at haharap sa mga ugat ng malupit na inog ng kahirapan. Lubhang mahalaga na makinig sa tinig ng mga manggagawa sa impormal na ekonomya, nang sa ganoon, maisaalang-alang ang mga kaibhan at kasalimuotan ng bawat sabsektor.

e. Kailangang pag-ibayuhin ang pagsisikap sa pag-oorganisa at adbokasi sa hanay ng mga manggagawang kabilang sa impormal na sektor. Ang ganitong mga inisyatiba ay maaaring magbunga ng mga reporma sa patakaran at batas na tumutugon sa kanilang mga isyu at problema.

*Sintesis*

## MGA PROBLEMA AT ISYU NG IMPORMAL NA SEKTOR

### PANLIPUNANG PAGKILALA

1. Kawalan ng pagkilala
2. Pang-aabuso ng mga awtoridad (*duty holders*): panunuhol sa mga inspektor ng gobyerno, pagbibigay ng tong sa mga pulis, paniiligalig/ pananakot sa nomal nilang operasyon o habang pinapalayas o dinidemolis
3. Pagtuturing na sila ay sekundaryong mamamayan dahil sila ay mga ilegal na opereytor o mas masahol, sila ay mga kriminal
4. Kultura ng kawalang-tiwala sa sarili, pananahimik at takot

### PANLIPUNANG PROTEKSYON

1. Kakulangan ng akses sa panlipunang proteksyon/ seguridad
2. Kakulangan ng modernong kasanayan at teknolohiya dahil sa limitadong edukasyon at eksposyur sa mga organisadong pagsasanay
3. Kawalan ng disenyo ng mga umiiral na panuntunan ukol sa mga panlipunang seguridad/ proteksyon para tugunan ang espisipikong mga pangangailangan at kondisyon ng sektor
4. Di-makataong kondisyon sa paggawa
5. Mababang istandard na mga kasunduan at kondisyon ng paggawa
6. Mababang kamulatan ukol sa kaligtasan at kalusugan sa trabaho

### MGA USAPING KAUGNAY NG PINANSYA AT MERKADO

1. Pagsasantabi ng mga tradisyunal na alituntunin ng mga bangko at ibang pinasyal na institusyon
2. Limitadong pagkakataon para makapangutang at/ o para sa pangangapital
3. Pwersadong pangungutang sa mga usurero o pribadong pautangan na napakataas magpatubo
4. Hindi paborableng sitwasyon sa pagnenegosyo
5. Kakulangan ng akses sa mga produktibong rekurso/ merkado



6. Kawalang-proteksyon kapag nagtaasan ang presyo
7. Kawalan ng kakayahang makipagkompetensya sa global/ komersyal na merkado dahil sa mababang *input*, mahinang teknolohiya, at maliit na kapital
8. Parehong trato sa mga bago at dating manggagawa sa pag-akses sa merkado; nauuwi ito sa mababang benta/ tubo
9. Mahigpit na kompetisyon; may tendensyang magkumpol-kumpol sa isang partikular na sabsektor ang karamihan sa mga manggagawa sa impormal na sektor
10. Pagsulpot ng mga iskema ng trabaho na nagbubunsod ng "impormalisasyon" gaya ng *subcontracting* at *agency hiring.*

## KALIDAD NG BUHAY

1. Kahirapan
2. Iregularidad at kawalang-katiyakan ng trabaho at kita
3. Hindi natatamong sapat na istandard ng pamumuhay (pagkain, tirahan, damit)
4. Di-makayanang edukasyon para sa mga anak ng karamihan sa mga manggagawa sa impormal na sektor; kakulangan ng mga serbisyong medikal sa panahon ng pagkakasakit at pinsala
5. Walang patlang na amba ng demolisyon ng kanilang tahanan at relokasyon ng kanilang pamilya – isa sa mga pangunahing pumipigil sa mga *home-based* na impormal na sektor sa urban
6. Mahirap na akses sa mga batayang kagamitang pampubliko gaya ng kuryente, tubig, at komunikasyon bunga ng impormal na istatus ng paninirahan
7. Relokasyon sa mga lugar na napakalayo sa pinagtatrabahuhan







## Sa Kabila ng Dualismo: Ang mga Manggagawa sa Impormal na Ekonomya Kaugnay ng Dominanteng Ekonomya (*Mainstream Economy*)

Sa pagtutok sa mga isyu ng impormal na sektor, importanteng magsimula sa mga aktwal na karanasan ng mga taong bahagi ng sektor na ito. Napakahalagang isaalangalang ang kanilang personal at kolektibong mga karanasan, kasama na ang mga panlabas na salik na umiimpluwensya sa sektor. Mahalaga ring lumagpas sa antas ng pagsusuri, ibig sabihin, lumagpas sa *micro* o indibidwal na antas. Sa ganitong punto, importanteng tingnan ang mga salik/ *players* na maaaring humahadlang/ nagpapadaloy sa paglago at pag-unlad ng impormal na sektor. Nangangailangan ito ng pagsusuri sa sosyo-ekonomiko at pampulitikang mga kondisyon (mga patakaran, pangyayari, atbp.) na umiiral sa iba't ibang yugto ng kasaysayan.



Batay sa "An Assessment of the Philippines Informal Sector: The Human Rights Perspective"na ginawa ng ESCR-Asia noong 2002, ang interaksyon ng mga salik na sosyo-ekonomiko at pampulitika, at laluna ang mga patakarang *macro-economic* ng gobyerno ng Pilipinas, ay nag-abandona sa milyon-milyong Pilipinong nasa iba't ibang impormal na pangkabuhayang aktibidad. Nasa ibaba ang isang maikling pagbaybay sa kasaysayan na nagbibigay-diin sa mga salik at iba't ibang kabanata nitong nakaraan, na tumulong sa paghubog sa kasalukuyang sitwasyon ng impormal na sektor.

Sa mga panahong 1950–1960, pinagtibay ng gobyerno ang modelong *import substitution* bilang patakaran para lumago ang ekonomya. Naniniwala ang ilang manunuri at sosyologo na may bahagi at/ o resulta ng patakarang ito na gumampan ng napakahalagang papel sa pagtutulak sa mga manggagawang Pilipino na pumasok sa mga trabaho at/ o pangkabuhayang aktibidad sa labas ng dominanteng ekonomya.





- Masikhay na antas ng industriyalisasyon
- Nagpapasigla ng proseso ng industriyalisasyon
- Nagpatupad ng masalimuot na sistema ng dayuhang palitang-pera mula 1949 hanggang 1962
- Nagtataguyod ng iilang industriyang nakabase sa urban na nakatutok sa mga industriyang may matataas na internasyonal na *demand*; mas pinasidhi nito ang guwang sa pagitan ng mayayaman at mahihirap
- Gumagamit ng produksyong napakalaki ng kapital (*capital-intensive*) na humantong sa:
    - § Pagkabansot ng agrikultura – dumami ang sobrang paggawa mula sa agrikultura; ang lakas-paggawang ito ay naging bahagi ng lumalaking bilang ng impormal na sektor
    - § Di-pantay na pagmamay-ari ng *asset*
    - § Malawakang kawalan ng trabaho
    - § Walang malaking kontribusyon ang proseso ng industriyalisasyon sa paglikha ng trabaho

Sa mga taon ng 1970, sinimulan ng rehimen ni Marcos ang pagpapatupad ng mga hakbangin para sa oryentasyong eksport habang pinatataas naman ng utang-panlabas ang GNP (kabuuang halagang pangmerkado ng lahat ng kalakal at serbisyong nilikha ng lahat ng mamamayan at ng kapital sa isang takdang panahon, kadalasan, isang taon) at GNP *per capita* (kada tao). Anumang tantos ng pang-ekonomyang paglago, gayunman, ay hindi lumikha ng trabaho, kaya nanatiling bansot ang paggawa, at lumala pa nga sa ibang pagkakataon. Pagkatapos ng isang dekada, sinimulan ng gobyerno ang isang estratehiya ng pang-ekonomyang liberalisasyon na naglayong magpalaganap ng oportunidad sa buong ekonomya. Sa panahong ito, nang tuluyan nang magwakas ang diktadura, muling sumigla ang ekonomya dahil sa pagbabago ng rehimen. Ang malungkot, kulang ito para matugunan ang lumalalang problema sa paggawa.

Samantala, nasaksihan ng dekadang 1990 ang matinding mundo ng kompetisyon na ibinunga ng patakarang liberalisasyong pang-ekonomya na suportado ng estado. Sa iskemang ito, tanging ang mga nakakapangibabaw lamang sa masidhing kompetisyon ang nakinabang sa mga bagong oportunidad na iniluwal ng mga pandaigdigang merkado. Isa mga epekto nito ang kakapusan at pagdausdos ng kalidad ng mga trabaho, kung saan ang mga manggagawang walang kasanayan ang pinaka-agrabyado.







Sa kasalukuyan, nananatiling pangunahing balakid sa pag-unlad ang kawalang-katiyakan sa pulitika. Nagpapatuloy ang pagtatalo sa globalisasyon at liberalisasyon ng kalakalan. Nagpapatuloy pa rin ang malawakang tanggalan sa trabaho, papataas na tantos ng kawalang-hanapbuhay, at kakulangan sa kita.

Dahil sa mga salik na nabanggit, nahiwalay sa pormal na ekonomya ang impormal na sektor. Hindi ito itinuturing na bahagi ng dominanteng ekonomya (*mainstream economy*) (Apolonio: 2007).

*Istruktural na Pagsusuri sa Impormal na Ekonomya*

Ang umiiral na mga panlipunang kondisyon (walang-katiyakang pang-ekonomyang kapaligiran, mahinang kaayusang burukratiko para sa patakaran, kakulangan ng mga oportunidad sa trabaho) ay humantong sa pagkakabuo at paglago ng impormal na ekonomya. Naging istruktural ang mga kondisyon dahil nakakabit ang mga ito sa sistema.

Sa gitna nito, patuloy ang mga myembro ng impormal na sektor sa pagbibigay ng mga kalakal at serbisyo sa mabilis na dumaraming seksyon ng populasyon ng Pilipinas, ang mahihirap.

Sa pagtatangkang sagutin ang tanong ng impormalidad, binanggit ng isang pag-aaral ng ESCR-Asia ang mga sumusunod na salik na direkta at/ o di-direktang nag-ambag sa penomenon ng impormalisasyon:

- Ang mga pang-ekonomyang aktibidad ay lubhang mas maliit sa saklaw, kapital, at produktibidad kumpara sa pormal na ekonomya.
- Sa kabila ng aktibo nilang partisipasyon sa mga pang-ekonomyang aktibidad, hindi sila rehistrado o pormal na kinikilala ng mga awtoridad.
- Ang laki/ mga myemro ng impormal na ekonomya ay di-sistematikong itinatala sa mga istatistika at bihirang kilalanin ang kontribusyon nila sa bansa.
- Wala pang nakatalagang mga kaayusang institusyonal na sumusuporta sa impormal na sektor.
- Isyu ng pagiging "tago" bersus pagpapabaya.
- Sa usapin ng mga patakaran at programa ng gobyerno, maraming erya ng pag-eetsa-pwera sa impormal na sektor.






Isa pang pag-aaral ng International Labour Organization (ILO) ang tahasang nagsasabi na ang impormalidad ay isyu ng pamamahala.

> *Sa batayan, ang impormalidad ay isyu ng pamamahala. Ang paglago ng impormal na ekonomya ay mauugat sa di-wasto, walang-saysay, at tuliro o palpak na makroekonomiko at panlipunang mga patakaran; kadalasang binubuo nang walang* tripartite *na konsultasyon; kawalan ng paborableng legal at institusyonal na balangkas; at kawalan ng matinong pamamahala para sa angkop at mabisang implementasyon ng mga patakaran at batas. Ang mga makroekonomikong patakaran, kasama ang istruktural na pagsasaayos, istruktural na pang-ekonomyang pagbabago at mga patakaran sa pribatisasyon, kapag hindi ganap na nakatuon sa hanapbuhay, ay nagpapaunti sa mga trabaho o hindi lumilikha ng sapat na trabaho sa impormal na ekonomya. Ang kakulangan ng mataas at patuloy na pang-ekonomyang paglago ay pumipigil sa kapasidad ng mga gobyerno na pabilisin ang transisyon mula impormal tungo sa pormal na ekonomya, sa pamamagitan ng paglikha ng mas maraming trabaho sa dominanteng ekonomya. Maraming bansa ang walang hayagang mga patakaran sa paglikha ng hanapbuhay at pagpapaunlad ng negosyo; minamaliit nila ang dami at kalidad ng trabaho sa halip na ituring na kinakailangang salik sa pag-unlad ng ekonomya.* (International Labour Conference, 90th Session, Report VI, International Labor Organization, Geneva, 2002, cited in Indon: 2007 B).





Bilang pagkilala sa pahayag na ito, sinabi ng syentistang pampulitikang si Amado Mendoza na sa katunayan, ang pagkakaroon ng impormal na pang-ekonomyang mga aktibidad ay sumasalamin sa kahinaan ng estado sa pagtupad sa mga tungkulin nito. Ang pagtuturing ng estado na ang impormalidad ay krimen, kahit pinahihintulutan ito paminsan-minsan ng mga kinauukulang ahensya at opisyal ng gobyerno, ay matingkad na nagpapakita ng mga limitasyong kinakaharap ng IS.

Sa isa pang sulatin na nagrerebyu sa patakaran at legal na balangkas na nakakaapekto sa impormal na sektor, binabanggit ang mga sumusunod na mga usapin at isyung kaugnay ng pamamahala, na kailangang tugunan: "sabog na pamamahala at sapawan sa implementasyon at pagpapatupad ng batas, kalabuan sa pagdedeliber ng limitadong tulong at suporta sa pamamahala, kakulangan o kawalan ng panlipunang proteksyon, kakulangan ng pagtalima sa mga batas at patakaran, kakulangan o kawalan ng partisipasyon ng impormal na sektor sa mga ahensyang gumagawa ng desisyon, nakakapagod na tuntunin sa pagpaparehistro, kakulangan ng kaalaman at impormasyon ukol sa mga patakarang nakakaapekto sa impormal na sektor at kakulangan ng pagsasanay at paglilipat ng teknolohiya sa impormal na sektor" (Feliciano: 2002).

Tinangka ni Mendoza na ilarawan ang dinamikong ugnayan ng pormal at impormal na pang-ekonomyang mga aktibidad sa pamamagitan ng paghahambing sa pormal at impormal na mga transaksyon.

| | Impormal | Pormal |
|---|---|---|
| **Pagbabayad ng buwis** | Oo; Hindi; ang mga di-hayag na buwis ay kinukuha ng mga entreprenaryo | Oo |
| **Kliyente** | Halos kapareho ng pormal; karamihan ay mahihirap na kliyente | Lahat |
| **Oras ng negosyo** | Halos hindi nagsasara (24/7) | Tiyak na oras ng negosyo; sarado kapag Sabado at Linggo |
| **Transaksyon sa ROTW** | Oo | Oo |
| **Legal na pagkilala at proteksyon** | Oo; Hindi; depende; weather-weather | Oo; Hindi |
| **Kinokompyut ang kontribusyon sa GDP** | HINDI! | Oo; Hindi |
| **Mga suportang serbisyo mula sa gobyerno** | HINDI! | Oo; Hindi |
| **Bilang** | 60-70% | 30-40% |

Pinaghalawan: Mendoza (2007)





Sa huli, kinilala ni Mendoza na ang mga pang-ekonomyang aktibidad sa ilalim ng dalawang legal na kategorya ay magkaugnay at kailangan ng isa ang isa. Sa kanyang kongklusyon, sinabi niya na sa kalakhan, ang paglago ng impormal na ekonomya ay nakadepende sa paglago at pag-iral ng pormal na ekonomya, at gayundin naman, ang paglago ng pormal na ekonomya ay nakadepende sa impormal na ekonomya.




***Symbiosis* sa pagitan ng pormal at impormal na ekonomya (ESCR-Asia: 2002)**

Ang nakikitang pagkakaiba sa pagitan ng pormal at impormal na ekonomya, sa totoo lamang, ay artipisyal. Iisa lamang ang umiiral na pambansang ekonomya na may pormal at impormal na pagdulog sa hanapbuhay. Ang itinuturing na pormal na mga ekonomya ay *capital intensive* at *growth-based*, samantalang ang sinasabing impormal na mga ekonomya ay *labor-oriented* at *people-centered*. Gayunman, sa katotohanan ay nag-uugnayan ang dalawang ito sa ilalim ng iisang ekonomya. Ang palagay na magkaiba ang dalawa ay bunsod ng kakulangan sa kamulatan at/ o pag-unawa na nakasandig sa isa't isa ang dalawang aspektong ito ng ekonomya.







**Mga Sanggunian:**


- **Apolonio J. (2007).** Decoupling from Mainstream Economy: Philippine Informal Sector Situationer (A Power Point Presentation), presented during the Pre-Testing of ESCR-Asia's Module for Capacity Building of Informal Sector Leaders

- **Economic, Social and Cultural Rights – Asia. (2002).** A Compilation of Initiated and Jointly-Undertaken Studies of ESCR-Asia on Economic, Social and Cultural Rights in the Philippines

- **Economic, Social and Cultural Rights – Asia. (2005).** A Primer on the Human Rights of the Members of the Philippine Informal Sector

- **Economic, Social and Cultural Rights – Asia. (2007).** THE WAY FORWARD: A Policy Resource Book on Legal Empowerment of the Poor in the Philippines, Quezon City, Philippines

- **Feliciano M. (2002).** Review of Policy and Legal Framework Affecting the Informal Sector. International Labour Organization. Metro Manila

- **Hope A. and S. Timmel. (1984).** Training for Transformation: A Handbook for Community Workers, Books 1-3. Gweru Zimbabwe: Mambo Press

- **Indon R. (2007).** Legal Mechanisms to Empower Informal Businesses, in ESCR-Asia 2007 The Way Forward: A Policy Resource Book on Legal Empowerment of the Poor in the Philippines. Quezon City, Philippines.

- **Indon R. (2007).** Engaging Local Governments: Prospects for Enhancing Social Dialogue: A Closer Look at Experiences of Informal Economy Organizations in the Philippines. Unpublished paper prepared by ESCR-Asia Inc.

- **Mendoza A. (2007).** The Informal Economy in Philippine Political Economy (A Power Point Presentation. Presented during the ESCR-Asia's Capacity Building for Workers in the Informal Economy. December 14-18, 2007, Tagbilaran City, Bohol Philippines

- **National Statistical Coordination Board (NSCB) Resolution No. 15 Series of 2002** Adoption of an Official Definition on the Informal Sector

- **Volunteer Service Overseas (VSO), International Institute of Rural Reconstruction (IIRR) and Popular Education for People's Empowerment (PEPE). (1998)** Creative Training: A User's Guide, Quezon City Philippines




# PAG-ALAM AT PAGGIGIIT



## Mga Karapatang Pantao at Obligasyon ng mga Manggagawa sa Impormal na Ekonomya





# III. Pag-alam at Paggigiit: Mga Karapatang Pantao at Obligasyon ng mga Manggagawa sa Impormal na Ekonomya

| PAKSA | AKTIBIDAD | PAMAMARAAN | TAGAL |
|---|---|---|---|
| **Ikatlong Modyul: Mga Batayang Karapatang Pantao ng mga Manggagawa sa Impormal na Ekonomya**<br>- *Mga Prinsipyo, Konsepto, at Katangian ng mga Karapatang Pantao*<br>- *Batay sa Karapatang Pagdulog o* Rights-based Approach *at Mga Obligasyon ng Estado* | Worksyap, bahaginan | Laro; bahaginan; lektyur-talakayan | 2 oras |
| - *Mga Karapatang Sibil at Pampulitika (*Civil and Political Rights/ CPR*)* | Pagpapatuloy | Laro; bahaginan; lektyur-talakayan | 3 oras |
| - *Mga Karapatang Ekonomiko, Sosyal, at Pangkultura (*Economic, Social, and Cultural Rights/ ESCR*)* | Worksyap, bahaginan | Laro; bahaginan; lektyur-talakayan | 2 oras |
| | Pagpapatuloy ng talakayan sa ESCR | Laro; bahaginan; lektyur-talakayan | 2 oras |
| | Pagpapatuloy ng talakayan sa ESCR at Open Forum | Laro; bahaginan; lektyur-talakayan | 2 oras 15 minuto |
| | *Cultural Tour* | *Field trip* | 2 oras |





*Mga Layunin:*

Layunin ng modyul na ito na pataasin ang kamulatan at batayang pang-unawa ng mga kalahok sa mga karapatang pantao, sa mga prinsipyo at katangian nito, gayundin sa mga internasyonal na kasunduan at tratado at lokal na mga batas ukol sa mga karapatang pantao.

# SESYON 6: Mga Prinsipyo, Konsepto at Katangian ng mga Karapatang Pantao



## Aktibidad 1: Mga Karapatang Pantao at Dignidad: Pagbabanghay[3]

*Layunin:*
Sa pagtatapos ng aktibidad na ito, inaasahang ang mga kalahok ay may kakayahan na upang ipaliwanag ang relasyon ng dignidad at mga karapatang pantao; at nakakaunawa na sa kaisipang ang dignidad ay saligan ng mga karapatang pantao.

*Proseso:*

1. Gumuhit ng bilog. Itanong ang mga sumusunod at ilista ang sagot ng mga kalahok sa loob ng bilog: Ano-ano ang katangian ng isang tao? Paano nagiging tao ang isang tao?
2. Sa labas ng bilog, ilista ang sagot sa mga sumusunod: Ano sa tingin mo ang mga kailangan para proteksyunan, maisaayos at lubos na mapaunlad ang mga katangian ng isang tao? (O di kaya, bigyan ang bawat kalahok ng *colored paper* at bigyan ng magkakasunod na alituntunin – gumuhit ng bilog at sagutin ang mga sumusunod na tanong – pagkatapos, magtalakayan sa grupo.)
3. Matapos ang aktibidad, susumahin ng tagapagpadaloy na “Lahat ng nasa loob (ng bilog) ay kaugnay sa dignidad ng tao. Samantalang ang lahat ng nasa labas (ng bilog) ay kaugnay ng mga pangangailangan upang matugunan ang dignidad ng isang tao. Nakabatay ang mga karapatang pantao sa mga pangangailangang ito.”

---

3 Ang gawaing ito ay halaw sa Training Module ng ESCR-Asia, “Linking the Individual and the Collective: The Right to Self Determination.”







4. Sisimulan ng tagapagpadaloy ang lektyur-talakayan sa batayang konsepto ng mga karapatang pantao.

> Mga Gagamitin: *laptop computer ,bond paper, LCD projector, marker*
>
> Tagal: 10 minuto para sa ehersisyo; 30 minuto para sa lektyur; 10 minuto para sa *open forum*

## Lektyur-talakayan

- Depinisyon ng mga Karapatang Pantao
- Batayan ng mga Batas sa mga Karapatang Pantao
- Katangian ng mga Karapatang Pantao
- Prinsipyo ng mga Karapatang Pantao
- Normatibong Nilalaman ng mga Karapatang Pantao

Ang mga karapatang pantao ay nagsisilbing pundasyon ng isang buhay na may *dignidad*. Ang mga ito ay karapatang luwal ng pagkakasilang ng bawat nilalang sa ngalan ng kanyang pagiging tao. Ang mga ito ay isang kalipunan ng mga garantiya para ang tao ay hindi lamang manatiling humihinga, kundi mabuhay, lakip ang lahat ng kinakailangang kondisyong angkop sa isang rasyonal na nilalang (batay sa TFDP HR Lexicon). Nagsisilbi rin ang mga ito bilang pamantayan o patnubay sa pakikipag-ugnayan ng mga estado sa kanilang mga mamamayan.

Ayon sa mga Internasyunal na Kasunduan at Deklarasyon ng United Nations, ang mga karapatang pantao ay likas na katangian, na kung wala ng mga ito ay hindi tayo mabubuhay bilang tao. Sa lokal na antas, ang mga karapatang pantao ay itinuturing ng Commission on Human Rights bilang "pinakamataas, likas at di-maipagkakait na karapatang mabuhay nang may dignidad at sariling kaunlaran."





Sa *Sikolohiyang Pilipino*, ikinatwiran ni Virgilio Enriquez na ang *karapatan* ay malapit sa konseptong Filipino ng *katarungan*. Ayon sa kanya, "makikita ito sa salitang ugat ng karapatan, ang *dapat*, na ang ibig sabihin ay wasto at tama" (Enriquez: 1993). Naniniwala si Enriquez na ang mga kahulugang ito ay siya ring salitang ugat ng *katarungan*.

Ang mga probisyon sa mga karapatang pantao ay hango sa iba't ibang internasyonal na kasunduan/ tratado, mga desisyon ng *international court of justice*, interpretasyon ng mga kapulungan ng UN at iba pang kapulungang *treaty-based*, praktika ng estado, (*jus cogens)*, mga prinsipyo ng batas-internasyonal na malawakang tinatanggap, at mga lokal na batas. Kasama sa mga instrumentong ito ang Universal Declaration of Human Rights (UDHR), ang International Convention on Civil and Political Rights (ICCPR) at ang dalawa nitong Optional Protocols, at ang International Convention on Economic, Social and Cultural Rights (ICESCR). Sa Pilipinas, nakasaad sa 1987 Constitution ang mga probisyon sa mga karapatang pantao, na makikita sa mga sumusunod: Artikulo II - Declaration of Principles and State Policies (Seksyon 1, 5, 9, 10, 11, 15, 16, 17, 21, 22, 23); Artikulo III - Bill of Rights, Artikulo XII - National Patrimony (Seksyon 1, 6, 12, 13), Artikulo XIII - Social Justice and Human Rights.

Apat ang klasipikasyon ng mga karapatang pantao (UP NCPAG et. al.: 2005) batay sa: (a) pinagmumulan; (b) tumatanggap; (c) mga aspekto ng buhay; at (d) *derogability* (ang *derogation* ay isang akto na nagpapawalambisa sa isang batas o karapatan sa pamamagitan ng isa pang batas na naglilimita sa saklaw o pumipigil sa paggamit at pwersa ng unang batas).

Ayon sa kategoryang *batayan*, ang mga karapatang pantao ay maaari pang hatiin sa tatlong tipo:

1. Mga natural na karapatan – ito ang mga sinasabing bigay ng Diyos, at tanggap ng lahat bilang nakakabuti (makatwiran at makabuluhan). Hindi nakasulat ang mga karapatang ito pero itinuturing na bahagi ng panlipunang pamantayan at kaugalian
2. Mga karapatang konstitusyonal – mga karapatang ginagarantiyahan ng Saligang Batas
3. Mga karapatang naisabatas – mga karapatang pinagtibay ng Kongreso

Batay sa kategoryang *tumatanggap*, may dalawang hati:

1. Mga karapatang pang-isahan - mga karapatang pang-indibidwal



2. Mga karapatang kolektibo – mga karapatang matatamasa lamang kung maramihan

Batay sa kategoryang *aspekto ng buhay,* may tatlong hati naman:

1. Mga karapatang sibil – ang mga ito ay ipinapatupad ng batas para sa indibidwal, upang matamasa niya ang kanyang kaligayahan
2. Mga karapatang pampulitika — pinapahintulutan ng mga ito ang lahat upang lumahok sa pagpapatakbo ng gobyerno, direkta man o hindi
3. Mga karapatang sibil at pampulitika – karapatan ang mga ito ng bawat mamamayan sa kalayaan at pagkakapantay-pantay (hal., kalayaan mula sa pagkakaalipin, kalayaang kumilos, pantay na pagturing sa batas, atbp.)
4. Mga karapatang pangkabuhayan at panlipunan — ang mga ito ang nagbibigay ng pagkakataon para ang mga tao ay magkamit ng kaunlarang sosyo-ekonomiko, na siya namang tumitiyak ng kanilang personal na kagalingan, kaligayahan, pinansyal na seguridad, atbp. (hal., karapatan sa trabaho, karapatan sa panlipunang seguridad)





5. Mga karapatang pangkultura — sinisiguro ng mga ito ang kagalingan ng indibidwal at ang pagpapanatili, pagpapayaman at dinamikong ebolusyon ng pambansang kultura batay sa prinsipyo ng pagkakaisa sa gitna ng pagkakaiba-iba, at sa klima ng malayang paglikhang artistiko at intelektwal na pamamahayag

Panghuli, sa ilalim ng klasipikasyong *derogability*:

1. Mga *non-derogable* o absolutong karapatan — mga karapatang hindi maaaring suspendihin o tanggalin kahit sa panahon ng matinding kagipitan (hal., karapatan sa buhay, kaligtasan mula sa tortyur o malupit at di-makataong trato o parusa)
2. Mga karapatang *derogable* — mga karapatang maaaring suspendihin o tanggalin, at maaaring limitahan batay sa kalagayan (hal., maaaring limitahan ng *curfew* ang karapatang kumilos o gumalaw)
   Kailangang may mga kondisyong kinakaharap bago malimitahan at/ o masuspinde ang isang karapatan: (a) Kung ito ay inianunsyo sa publiko o isinabatas o tinutukoy sa batas; (b) May *state of emergency* na humihingi ng kagyat na pagpapanatili ng pampublikong kabutihan, kaligtasan at kapakanan; (c) May takdang panahon; hindi dapat lumagpas sa kinakailangang panahon para matugunan ang layunin; (d) Ang suspensyon ay dapat naaayon sa mabuting intensyon at obhektibong pagsusuri; (e) Kinakailangang mangibabaw sa tuwina ang kapangyarihan ng batas (*rule of law*); (f) Ang suspensyon ay pansamantala lamang; at (g) May di-pangkaraniwang krisis kung kaya hindi uubra ang mga normal na hakbang.

## Katangian ng mga Karapatang Pantao

Ang mga karapatang pantao ay may mga batayang prinsipyo at/ o katangiang gumagabay sa proseso at nilalaman ng pagpapatupad ng estado sa mga ito:

a. **Likas at di-maipagkakait *(Inherent and inalienable)*** – Hindi maaaring alisin ang mga karapatan ninuman, maliban lamang sa mga sitwasyong ipinaliwanag sa mga karapatang maaaring limitahan (*derogable*).
b. **Magkakasanib** – Magkakawing ang mga karapatang pantao; ang kawalan ng isang karapatan ay may epekto sa pagkakaroon/ pagkawala ng ibang karapatan. Maging ang paglabag sa mga







karapatang pantao ay magkakaugnay: ang pagkawala ng isang karapatan ay kabawasan sa ibang karapatan. Kung kaya nararapat na ang mga karapatang pantao ay naipatutupad bilang isang buong kalipunan — hindi pira-piraso o magkakabukod.

k. **Hindi napaghihiwalay** – Ang isang karapatan ay patungkol sa mga karapatang pangkabuuan. Ibig sabihin, hindi ito nakapokus lamang sa isang aspekto (hal., akses) kundi sa lahat ng aspekto na humahantong sa katuparan ng isang karapatang pantao.

d. **Unibersal** – Lahat ng tao ay may mga karapatan bilang tao, anuman ang kasarian, lahi, tribo, relihiyon, paniniwalang pampulitika, atbp. Lahat ng pagsisikap para sa mga karapatang pantao ay ukol sa lahat, saanman.

e. **Mapagkalinga sa mga Grupong Lantad sa Pinsala (Vulnerable Groups/ VGs)** Ang grupong lantad sa pinsala ay yaong nahaharap sa malulubhang hadlang sa pagtatamasa ng kanilang mga karapatan. Hindi lamang mga hikahos sa kabuhayan ang maituturing na VGs. Sila ay maaaring kabataan o yaong may HIV/ AIDS, mga taong may-kapansanan kahit hindi hikahos, at ang pinakanasasantabing mga grupo gaya ng katutubo. Ang mga pagsisikap sa pagtataguyod at proteksyon ng mga karapatang pantao ay dapat na nakatuon sa kanila. May obligasyon ang mga estado na lumikha at magsagawa ng mga hakbang sa kalusugan, edukasyon, at panlipunang suporta para sa pagpapalaganap at proteksyon ng mga karapatang pantao ng mga grupong lantad sa pinsala upang masiguro ang kanilang partisipasyon sa lipunan.







g. **Nagsasakapangyarihan o *empowering*** – Ito ang kapangyarihang kumilos para sa sarili at para makamit ang sariling karapatan. Binibigyang-diin ng pagsasakapangyarihan ang mismong pagsusumikap ng mga tao para maganap ang mga pagbabagong susi sa buong katuparan ng lahat ng karapatang pantao.

h. **Nagpapantay-pantay** – Tinutukoy nito ang pagkakapantay ng lahat sa pagtatamasa ng mga karapatang pantao. Babae man o lalaki ay may pantay na mga karapatang pantao at dapat magtamasa sa bunga ng mga ito. Subalit hindi ibig sabihin na pareho ang bisa ng mga karapatang pantao sa lahat ng panahon. Minsan, ang pagpapantay ay nakakamit sa pagsasagawa ng estado ng kaukulang hakbang upang bawasan o alisin ang mga kondisyon ng diskriminasyon. Tinatawag itong *affirmative action* o natatanging pagtrato sa isang bahagi ng populasyon sa isang partikular na panahon.

i. **Makatarungan** – Nauukol ito sa pagiging patas, pagkamakatarungan, makatwiran at walang kinikilingan sa paggarantiya ng mga batayang karapatan at kalayaan, at ang pakikinabang sa bunga ng mga ito. Ang isang aksyong ukol sa pagkamakatarungan ay maaaring mauwi sa natatanging pagtingin (*preferential treatment*) sa isang seksyon ng populasyon sa loob ng isang panahon.

l. **Walang diskriminasyon** – Nangangahulugan itong lahat ng indibidwal ay nararapat na magtamasa ng kanilang mga karapatang pantao at makinabang sa bunga ng kaunlaran nang walang anumang pagtatangi, eksklusyon, restriksyon, o pamimili batay sa: lahi, tribu, kulay, kasarian, edad, relihiyon, lenggwahe, kapansanan, paniniwalang pampultika, atbp.

m. **May pananagutan** – may pananagutan ang gobyerno sa mga pinamumunuan nito. Kailangang maging responsable ang gobyerno sa lahat nitong desisyon at aksyon.

n. **Mabuting pamamahala** – Kaugnay ito ng pagtiyak para sa isang mabuting kapaligiran upang matamasa ng lahat ang mga karapatang pantao. May walong katangian ang mabuting pamamahala: mapanlahok *(participatory)*, konsenswal, may pananagutan, walang ikinukubli, mapagtugon (*responsive*) at mahusay (*efficient*), pantay (*equitable*), makatarungan at walang itinatangi, at sumusunod sa batas. Isa sa mga totoong pagsubok ng mabuting pamamahala ay ang kakayahang tumupad sa pangako ng mga karapatang pantao.

ng. **Pagiging Independyente ng Hudikatura** – Ang hudikatura ang siyang may pinal na kapangyarihan para ayusin ang lahat ng di-







pagkakasundo sa mga usapin ng karapatang pantao. Ang pagiging independyente ng mga hukuman ay nangangahulugan ng pagpapasya nang walang kinikilingan, nakabatay sa mga aktwal na pangyayari, naaayon sa batas, at walang impluwensya o pamimilit.

o. **Kapasidad sa pagsasabatas** – Kinakailangang garantiyahan ng batas ang mga pamantayan ng mga karapatang pantao upang masiguro ang pagsasanib ng mga ito sa lahat ng pagsisikap. Ang kapasidad sa pagsasabatas ay nangangahulugan ng kakayahan ng lehislatura na gumawa ng mga batas na ang palagian at bukodtanging layunin ay ang pagtataguyod ng angking dignidad ng bawat tao. Mahalaga ang isang patas at makatarungang balangkas na legal – kalakip ng walang-pinapaboran at epektibong implementasyon – para sa pagsasabuhay ng mga karapatang pantao at pagtatamasa sa bunga ng mga ito.

p. **Partisipasyon ng mamamayan** – Tinutukoy nito ang kahalagahan ng paglahok ng mga mamamayan sa lahat ng antas at proseso ng pagdedesisyon, mula pagpaplano hanggang ebalwasyon. Mas matagumpay ang mga gawain kung mas maraming mamamayan ang totoo at malayang nakakalahok sa pagdedesisyon. May rekisitos sa partisipasyon, kabilang ang: pagbibigay sa mga tao ng buo at kumpletong impormasyon sa pamamagitan ng midya, at pagpapaunawa sa kanila sa angkop na panahon; paghimok sa mga tao para organisahin nila ang kanilang sarili; paggalang at pagtatanggol sa awtonomya ng mga tao sa lahat ng panahon; at pagkakaroon ng pormal na mekanismo para ang mga tao ay makapag-usisa tungkol sa mga desisyon, makapagreklamo, makahingi ng kompensasyon at restitusyon, at makapang-usig sa gobyerno.

r. **Pagiging hayagan o *transparent*** – Sinisiguro nitong mabubusisi ng lahat ng tao ang mga gawa ng gobyerno. Sa pagiging hayagan, nangangahulugang ang mga desisyon, patakaran, alituntunin, atbp., ay naipagtatapat sa publiko nang buo at malaya. Kinakailangan rin na ang de-kalidad at kumpletong impormasyon ay naitatanghal sa paraang madaling maunawaan at napapanahon. Ang impormasyong ito ay dapat libreng nagagamit at madaling makuha ng lahat. Panghuli, kabilang din sa pagiging hayagan ang akses — at partisipasyon – sa mahahalagang pulong.

Mahalagang pansinin na may tinatawag na Normatibong Nilalaman ng mga Karapatang Pantao. Ang Normatibong Nilalaman, na hango sa interpretasyon





ng mga kapulungang nagmomonitor ng mga kasunduan at mga dokumentong ginagamit ng mga ekspertong internasyonal, ay nagpapartikularisa sa mga kalayaan at karapatan. Nagbibigay din ito ng depinisyon ng kahulugan at sustansya ng mga karapatang pantao.

## Normatibong Nilalaman



### Aktibidad 2: Pagsusulit sa HR

Nilalayon ng gawaing ito na rebyuhin ang mga kalahok tungkol sa batayang konsepto ng mga karapatang pantao.

*Proseso:*

1. Hihilingin ng tagapagpadaloy na ilabas ng mga kalahok ang kanilang bolpen at papel para sa isang maiksing pagsusulit na 'tama-o-mali' tungkol sa mga karapatang pantao.
2. Babasahin niya ang mga sumusunod na pangungusap tungkol sa mga karapatang pantao:
   a. Ang mga karapatang pantao ay nagsisilbing pamantayan o patnubay sa mga estado sa pakikipag-ugnayan nila sa mga mamamayan.
   b. Ang mga karapatang konstitusyonal ay yaong bigay-ng-Diyos at kinikilala ng lahat bilang nakakabuti.
   k. May mga karapatang maaaring suspendihin o tanggalin, at maaaring limitahan batay sa mga sirkumstansya.
   d. Magkakawing ang mga karapatang pantao, kung kaya ang kawalan ng isang karapatan ay nakakaapekto sa katuparan at kawalan ng iba pang karapatan.
   e. Mahalaga ang partisipasyon ng mga mamamayan sa katuparan ng mga karapatang pantao.
   g. Ang katumbas ng salitang '*right*' ay *karapatan* at nagmula sa salitang-ugat na 'dapat' (*must*).
3. Kung gugustuhin ng tagapagpadaloy, maaari pa siyang magdagdag ng mga pangungusap sa pagsusulit.







Mga Gagamitin: palatanungan, *laptop computer*, bolpen at papel, *LCD projector*

Tagal: 10 minuto

## Input

***Mga Karapatang Pantao***

- Saligan ng dignidad sa buhay
- Karapatang maisilang (karapatan ito ng lahat ng tao)
- Nagsisilbing pamantayan/ patnubay sa mga estado sa pakikipag-ugnayan sa mga mamamayan
- Ayon sa mga Internasyonal na Kasunduan at Deklarasyon ng UN: likas at hindi maaaring alisin kung gusto nating mabuhay
- Ayon sa Commission on Human Rights: "pinakamataas, likas at di-maipagkakait na karapatan sa buhay, dignidad at sariling kaunlaran."

***Pinagmumulan ng mga Batas sa mga Karapatang Pantao***

- Ang mga probisyon ukol sa mga karapatang pantao ay hango sa iba't ibang internasyonal na kumbensyon/ tratado, mga desisyon ng *international court of justice*, interpretasyon ng mga kapulungan ng UN at iba pang kapulungang *treaty-based*, praktika ng estado (*jus cogens)*, mga prinsipyo ng batas-internasyonal na malawakan nang tinatanggap, at mga lokal na batas. Kasama sa mga instrumentong ito ang Universal Declaration of Human Rights, International





Convention on Civil and Political Right at ang dalawa nitong Optional Protocol, at ang International Convention on Economic, Social and Cultural Rights.

- Sa Pilipinas, nakasaad sa mismong 1987 Constitution ang mga probisyon ukol sa mga karapatang pantao, na makikita sa mga sumusunod: Artikulo II - Declaration of Principles and State Policies (Seksyon 1, 5, 9, 10, 11, 15, 16, 17, 21, 22 at 23); Artikulo III - Bill of Rights, Article XII - National Patrimony (Seksyon 1, 6, 12, 13), Artikulo XIII - Social Justice and Human Rights.

### *Katangian ng mga Karapatang Pantao*

Mga batayang prinsipyo at/ o katangian na gumagabay sa proseso at sustansya ng pagpapatupad ng estado:

a. Likas at di-maipagkakait
b. Magkakawing
k. Hindi mapaghihiwalay
d. Unibersal
e. Mapagkalinga sa mga grupong lantad sa pinsala
g. Nagsasakapangyarihan
h. Nagpapantay-pantay
i. Makatarungan
l. Walang diskriminasyon
m. May pananagutan
n. Mabuting pamamahala
ng. Pagiging independyente ng hudikatura
o. Kapasidad sa pagsasabatas
p. Partisipasyon ng mamamayan
r. Pagiging hayagan o *transparent*







# SESYON 7: Karapatan sa Pagpapasya-sa-Sarili[4]

*Mga Layunin:*
Pagkatapos ng sesyon, bawat kalahok ay inaasahang:
- makatukoy at makaunawa sa mga batayang konsepto ng karapatan sa pagpapasya-sa-sarili
- makaalam sa kahalagahan ng pagpapasya-sa-sarili sa paggarantiya ng pagtatamasa at/ o katuparan ng iba pang karapatan sa *International Convention on Economic, Social and Cultural Rights* (ICESCR)
- makaalam sa praktikal na kabuluhan ng karapatan sa pagpapasya-sa-sarili sa pakikibaka para kilalanin ang mga karapatan ng mga ispesipikong grupo o kolektibo



## Aktibidad 1: Mga Karapatang Pantao at Kalayaang Makapamili: Pagkukwento

Si Angie ay 17 taong gulang na estudyante sa hayskul. Magtatapos siya na may pinakamataas na grado sa klase ngayong tag-init. Kwalipikado na siya sa mga programa ng maraming nangungunang pribado at pampublikong pamantasan at kolehiyo. Para sa kanyang mga magulang, ang tumpak na desisyon ay pag-aralin siya sa isang *science high school.* Batid nilang kaya iyon ni Angie. Sa kanilang mahigpit na pagpapayo at pagsubaybay, natitiyak nilang hindi siya makikitambay sa eskwelahan o kung saan man. Mahirap nang mapabarkada siya kung kani-kanino.

Gusto ni Angie na maging propesyonal na musikera - isang dalubhasang biyolinista. Sapul pagkabata ay hanga na siya sa kanyang lolo, sa tuwing maririnig niyang tumutugtog ng biyolin. Sinubukan rin ni Angie na tumugtog ng biyolin, nang ipamana iyon sa kanya ng lolo bago mamatay. Maliksi daw kasi ang mga daliri ni Angie sa kwerdas.

[4] Ang sesyong ito ay hango sa Training Module ng ESCR-Asia, "Linking the Individual and the Collective: The Right to Self Determination."





Pero iba ang nasa isip ng mga magulang ni Angie. Nalaman nila na ang pagkapasa ni Angie sa *entrance exam* ng isang unibersidad ay nagbigay-daan sa kanya na maging *full scholar* sa kursong medisina doon. Mas makakagaan sa kanilang pasanin kung doon mag-aaral si Angie. Maaari nilang ipokus ang gastusin sa mga nakababata niyang kapatid. Naniniwala rin sila na kapag makagradweyt na si Angie, madali siyang makakahanap ng trabaho sa ibang bansa dahil siya ay matalino at may mga angkop na kredensyal. Maaari pang sila ay ipetisyon niya para makapanirahan sila sa isang bansang First World, kung makakapagtagal siya doon!

Nabanggit man ni Angie ang kakatwang gusto na makapag-aral ng *music* sa kolehiyo, hindi iyon mangyayari sa isip ng kanyang tatay. Walang pera sa musika. Kailangang makinig si Angie sa kanila, dahil sila ang mga magulang. Alam nila kung ano ang pinakamabuti para sa kanya.

## MGA KATANUNGAN SA PAGPOPROSESO

1. May nakaranas na ba sa inyo ng ganoon ring sitwasyon?
2. Sa inyong palagay, paano naapektuhan ng ganoong sitwasyon ang pag-unlad ng katauhan ni Angie?
3. Ano ang masasabi ninyo sa kanyang kaligayahan?
4. Ano ang opinyon ninyo tungkol kay Angie kaugnay ng ganap na pagpapaunlad sa kanyang potensyal?
5. Ano sa tingin ninyo ang nangyayari kay Angie kaugnay ng mga desisyon ng kanyang mga magulang sa mahahalagang yugto ng kanyang buhay?







Mga Gagamitin: *lap top computer, LCD projector*, kopya ng istorya, ayon sa bilang ng mga kalahok

Tagal: 45 minutos kada lektyur; 15 minutos para sa bukas na talakayan

## Input

Ang pagpapasya-sa-sarili ay nangangahulugan na ang mga tao, indibidwal man o grupo, ay nararapat mangasiwa sa sariling buhay at tadhana, at dapat ay naaayon sa ganitong kalakaran ang mga institusyon ng gobyerno.

**Mga Aspekto ng Pagpapasya-sa-sarili**

Sa batas-internasyonal, ang mga dokumento o instrumento hinggil sa karapatan sa pagpapasya-sa-sarili ay nakatuon, sa kalakhan, sa dalawang kategorya ng tao: (1) *non-self governing territories;* at (2) mga katutubo. Ipinapakita ng dalawang ito ang dalawang aspekto ng pagpapasya-sa-sarili: *panloob at panlabas.*

1) Panloob na aspekto – tumutukoy sa mga karapatan ng lahat tao upang malayang magsulong ng kanilang pangkabuhayan, panlipunan at pangkulturang kaunlaran sa balangkas ng pambansang soberanya o pamamahala

2) Panlabas na aspekto– nangangahulugang ang lahat ng tao ay may karapatan na malayang magtakda ng kanilang estadong pampulitika at pwesto sa pandaigdigang komunidad, batay sa prinsipyo ng pantay-pantay na mga karapatan, na gaya ng ipinakita ng paglaya ng mga sambayanan mula sa kolonyalismo, at ng pagbabawal na ang mga tao ay sakupin, pangibabawan at pagsamantalahan





**Mga Pangkalahatang Katangian ng Karapatan sa Pagpapasya-sa-sarili**

1. Ang karapatan sa pagpapasya-sa-sarili ay isang prinsipyong nakalugar na sa batas-internasyonal.
2. Hindi ito absolutong karapatan.
3. Ito ay isang proseso na ang kinalalabasan ay tumutugma sa malayang pamimili ng mga tao.
4. Ito ay karapatang mamili, karapatang lumahok; at ito ay isang prosesong nagtutuloy-tuloy.

*Sintesis*

1) Sa istorya sa itaas, ang pagkakait kay Angie ng karapatang makapamili ng edukasyong gusto niya ay maaaring nakahadlang sa pag-unlad ng kanyang mga potensyal. Sa pinakamenos, ang sitwasyon niya ay bumigo sa pagtugon sa kanyang intelektwal o espiritwal (hal., katuparan ng sariling nais) na pangangailangan.

2) Ang karapatan sa pagpapasya-sa-sarili bilang karapatang pantao – Bago pa man pag-usapan kung ano ang karapatang ito, ilatag na natin na ito ay isang karapatang pantao. Ang mga karapatang pantao ang siyang kapaligiran upang tayo ay ganap na maging tao dahil pinagtitibay at pinatitingkad ng mga ito ang dignidad ng pagkatao. Kung kaya, ang pagpapasya-sa-sarili ay isang karapatang pantao dahil pinagtitibay nito ang dignidad ng indibidwal sa isang kolektiba. Dagdag pa, ito ang nagbibigay ng kondisyon tungo sa katuparan ng iba pang karapatan, gaya ng sinabing mainam ng Human Rights Commission:

   > *"[A]ng karapatan sa pagpapasya-sa-sarili ay sadyang mahalaga dahil ang katuparan nito ay esensyal na kondisyon para mabisang magarantiyahan at makapangyari ang mga indibidwal na karapatang pantao, at para maipalaganap at mapalakas ang mga karapatang ito."*

3) Dahil ang mga karapatang pantao ay kapwa *entitlement* at *claim*, kung kaya ang karapatan sa pagpapasya-sa-sarili ay kapwa rin *entitlement* at *claim*.

4) Kinakailangan ang pagpapasya-sa-sarili upang maging buo ang isang tao – kung kaya bahagi ito ng makataong dignidad na siyang saligan ng mga karapatang pantao.



5) Ang pagpapasya-sa-sarili ay tungkol din sa awtonomya at kalayaang pumili.

### *Karagdagang Impormasyon*

✎ **Ang karapatan sa pagpapasya-sa-sarili batay sa** International Convention on Economic, Social and Cultural Rights (ICESCR) at International Convention on Civil and Political Right (ICCPR)

*Artikulo 1, na parehong tinutukoy sa ICESCR at ICCPR:*

1. Lahat ng tao ay may karapatan sa pagpapasya-sa-sarili. Dahil sa karapatang ito, malaya silang nakakapili ng estadong pampulitika, at malayang nakakapagtaguyod ng kanilang kaunlarang pangkabuhayan, panlipunan at pangkultura.

2. Lahat ng tao ay may kalayaang gumamit ng kanilang likas na yaman at mga rekurso para sa kanilang sariling layunin, nang nagsasaalang-alang sa mga obligasyong bunsod ng kooperasyong internasyonal, at batay sa prinsipyo ng kapakinabangan ng lahat, at ng batas-internasyonal. Kailanma'y hindi pahihintulutan na ang isang pamayanan ay pagkaitan ng sarili nilang ikabubuhay.

3. Lahat ng Estadong Kalahok sa Kasunduang ito, kasama na ang mga responsable sa administrasyon ng mga *non-self-governing* at *trust territories*, ay magpapatupad ng karapatan sa pagpapasya-sa-sarili, at gagalang sa karapatang ito, ayon sa mga probisyon ng UN Charter.





Sa kabuuan, ang pagpapasya-sa-sarili ay nangangahulugan na lahat ng nilalang, indibidwal o grupo man, ay kailangang may kontrol sa kanilang buhay at tadhana, at nararapat na umayon dito ang mga institusyon ng gobyerno. Gayunman, sinasabi sa Artikulo 1 na sa kalakhan, ang karapatan sa pagpapasya-sa-sarili ay isang kolektibong karapatan – karapatan ng grupo at hindi pang-indibidwal. Nagbunsod ito ng mga debate kung dapat rin bang isama ang ganitong kategorisasyon sa ICCPR at ICESCR. Sa kasalukuyan, may internasyonal na unawaan sa pag-iral ng mga kolektibo o pang-grupong karapatan. Ang karapatan sa pagpapasya-sa-sarili ay isang batayang prinsipyo sa batas-internasyonal, at matibay na nakasaad dito. Sa Artikulo II, Seksyon 2 ng 1987 Constitution ng Pilipinas, kinikilala rin ang pag-iral ng ganitong karapatan.




**Mga Aspekto ng Pagpapasya-sa-sarili**

Sa batas-internasyonal, ang mga dokumento at instrumento ng karapatan sa pagpapasya-sa-sarili ay nakatuon, sa malaking bahagi, sa dalawang kategorya ng tao: (1) *non-self governing territories*; at 2) mga katutubo. Ipinapakita ng mga kategoryang ito ang dalawang aspekto ng pagpapasya-sa-sarili: *panloob at panlabas.*

Tinutukoy ng panloob na aspekto ang karapatan ng mga tao para malayang magsulong ng kanilang pangkabuhayan, panlipunan at pangkulturang kaunlaran sa balangkas ng pambansang soberanya. Sa bagay na ito, nakaugnay ang karapatan ng bawat mamamayan na lumahok sa mga







pampublikong usapin sa lahat ng antas. Ang mga gobyerno, kung gayon, ay dapat maging kinatawan ng buong populasyon, nang walang pagtatangi sa lahi, kulay, pinagmulang bayan o tribo. Halimbawa nito ang rehiyong awtonomo sa Mindanao at Cordillera.

Samantala, tinutukoy ng panlabas na aspekto ng pagpapasya-sa-sarili na ang lahat ng tao ay may karapatan na malayang magtakda ng kanilang estadong pampulitika at ng kanilang lugar sa internasyonal na komunidad, batay sa prinsipyo ng pagkakapantay, at gaya ng ipinakita ng paglaya ng mga sambayanan mula sa kolonyalismo, at ng pagbabawal sa dayuhang pananakop, dominasyon at pagsasamantala. Ipinapakita ito ng *non-self-governing states* na lumaya mula sa kolonyal na paghahari, gaya ng Pilipinas na nagkamit ng kalayaan mula sa U.S. noong 1946. Kailangang pansinin na hindi sakop ng karapatan sa pagpapasya-sa-sarili, sa kalakhan, ang karapatang humiwalay o tumiwalag sa estado, dahil hindi kinikilala ng batas-internasyonal ang *unilateral* at pangkalahatang karapatan sa ganoong pagtiwalag.

**Mga Pangkalahatang Katangian ng Karapatan sa Pagpapasya-sa-sarili**

1. Ang karapatan sa pagpapasya-sa-sarili ay prinsipyong nakatalaga na sa batas- internasyonal.
2. Hindi ito absolutong karapatan.
3. Ito ay isang proseso na ang resulta ay tumutugma sa kalayaan ng mga tao para makapamili.
4. Ito ay ang karapatang pumili, karapatang lumahok; at ito ay isang prosesong tuloy-tuloy.





# SESYON 8: Pagdulog na Batay-sa-mga Karapatang Pantao (*Rights-based Approach*) at mga Obligasyon ng Estado



## Aktibidad 1: Pinoy Henyo

*Layunin:*

- Mapalalim ang pang-unawa ng mga kalahok hinggil sa balangkas ng pagdulog na batay-sa-mga karapatang pantao (*rights-based approach* o RBA)
- Matukoy ang mga tungkulin ng estado at iba pang partido sa pagtupad sa mga karapatang pantao ng bawat isa

*Proseso:*

1. Hahatiin ng tagapagpadaloy ang mga kalahok sa dalawang grupo.
2. Maghahanda ng mga susing salitang may kinalaman sa pagdulog na batay-sa-mga karapatang pantao, obligasyon ng estado at iba pang kaugnay na konsepto. Isusulat ang mga susing salita sa mga metakard; mababasa ng lahat ang nakasulat maliban sa 'taya' (ang taya ay pipiliin ng bawat grupo).
3. Ang kinatawan o taya ng unang grupo ay pauupuin sa unahan, nakaharap sa kanyang mga kagrupo. Ilalagay ang unang metakard (na naglalaman ng susing salita) sa ulo ng 'taya.' Mababasa ito ng lahat pero hindi makikita ng 'taya.'
4. Sa hudyat ng *timekeeper*, magtatanong ang 'taya' tungkol sa nakasulat sa metakard, pero ang mga tanong ay maaari lamang masagot ng "Oo," "Hindi," at "Pwede." Mula sa mga sagot na ito, ang 'taya' ay may isang minuto para hulahan ang susing salita sa metakard. Kung hindi mahuhulaan, ang susunod na grupo naman ang isasalang sa laro.
5. Patuloy ang laro hanggang may isang grupo na makakuha ng anim na puntos.
6. Pagkatapos ng laro, lahat ng susing salita ay ilalagay sa *board* para makita ng lahat.
7. Pag-uugnayin ng tagapagpadaloy ang resulta at proseso ng laro. Mahalagang tanungin ang mga kalahok sa kanilang naramdaman at mga realisasyon habang naglalaro. Mahalaga ring malaman kung nahirapan ba o hindi ang mga kalahok sa paghula ng mga susing salita.







8. Habang ginagawa ito, maaari nang hingan ng paliwanag ang mga kalahok tungkol sa mga susing salita (paglabag at pagtupad sa karapatang pantao) batay sa kanilang aktwal na karanasan.
9. Sisimulan ng tagapagpadaloy ang *input* kaugnay sa pagdulog na batay-sa-mga karapatang pantao (*rights-based approach* o RBA), at tungkulin ng estado at iba pang partidong nagpapatupad ng mga karapatang pantao. Maaari ding mag-imbita ng *resource person* na magpapalawig sa paksa.



Mga Gagamitin: silya, *metakard*, *marker*, *Stop watch* o anumang *timing device*, mga piraso ng papel



Tagal: 30 minutos sa laro; 1.5 oras sa integrasyon at mga *input*



## Input

Pagdulog na Batay-sa-mga Karapatang Pantao o RBA (*Rights-based Approach*)

- Isang konseptong balangkas ng proseso para sa kaunlarang pantao
- Nakabatay nang normatibo sa mga internasyonal na pamantayan ng mga karapatang pantao at nakatuon sa pagpapalaganap at pagtatanggol sa mga karapatang pantao
- Nagtatatag ng relasyon ng tao at Estado
- Nagpapaunlad ng batayang kapasidad – kapasidad na maggiit ng mga hiling at pananagutan – na kailangan ng mahihirap at minamaliit upang mapangibabawan ang kahirapan, pambabale-wala at pagkakalantad sa pinsala

Itinataguyod ng RBA ang mga tao bilang simuno at layon ng kaunlaran — ang mga pangunahing tagapagpaganap, may-ari, kalahok at benepisyaryo.





## Mga Obligasyon ng Estado

1) *Mga Obligasyon sa Kondukta*
– isaalang-alang ang mga limitasyon ng mga karapatang pantao, gayundin ang paglilimita sa saklaw ng pagkilos

2) *Mga Obligasyon sa Resulta*
– obligadong maging aktibo kapwa bilang tagapagtanggol at tagapagbigay ng mga kailangan

## Mga Pangunahing Obligasyon ng Estado

1) Magsagawa ng mga sukdulang hakbang, gamit ang lahat ng paraang makakayanan, upang makamit ang progresibong pagsasakatuparan ng mga karapatang pantao.

2) Kagyat, hindi tinatakdaan, at tanggap ng iba pang konsiderasyon.

3) Ang mga hakbang ay dapat na nakatakda, kongkreto at nakatuon sa target.

## Mga Obligasyong Buod

1) Tiyakin ang katuparan ng pinakabatayan at esensyal na mga antas ng bawat karapatang pantao.

2) Sundin ang *international threshold* na kailangang igalang ng lahat ng patakaran.

3) Panatilihin ang mga obligasyong *non-derogable* sa lahat ng pagkakataon, kabilang ang mga labanan, kagipitan, at natural na sakuna.

   Halimbawa: Karapatan sa Edukasyon – Tiyakin ang walang-diskriminasyong akses sa mga pampublikong institusyong pang-edukasyong at programa.

## Mga Ispesipikong Obligasyon

1) Obligasyong IGALANG ang mga karapatang pantao
2) Obligasyong IPAGTANGGOL ang mga karapatang pantao
3) Obligasyong TUPARIN ang mga karapatang pantao







### *Karagdagang Impormasyon*

Ang RBA ay isang konseptong balangkas ng proseso para sa pag-unlad ng tao. Ito ay nakabatay nang normatibo sa mga internasyonal na pamantayan ng mga karapatang pantao at nakatuon sa pagpapalaganap at pagtatanggol sa mga karapatang pantao. Nagtatatag ito ng ugnayan ng tao at estado.

Dagdag pa, pinapaunlad ng RBA ang batayang kapasidad – kapasidad na maggiit ng mga hiling at pananagutan – na kailangan ng mahihirap at minamaliit upang mapangibabawan ang kahirapan, pambabale-wala at pagkakalantad sa pinsala.

Sa gabay ng mga internasyonal na kasunduan at instrumento, at sa suporta ng mga pangkalahatang komento, pag-aaral at pananaliksik, ang RBA ay nakapokus sa mga paglabag (direktang aksyon o hindi pagtupad sa pamantayan), at aksyong mapamigil (walang ganap na pagpapatupad, na katumbas ng pagpigil sa karapatan) ng mga awtoridad. Nasa ibaba ang mga batayang tanong na nais tugunan ng RBA:

- Ano ang mga karapatan at normatibong nilalaman ng mga ito?
- Ano ang mga obligasyon?
- Paano pinagtitibay at ipinatutupad ng Estado ang nilalaman at proseso ng mga karapatan?

Itinataguyod ng RBA ang tao bilang simuno at layon ng kaunlaran — ang mga pangunahing tagapagpaganap, may-ari, kalahok at benepisyaryo.

### Mga Obligasyon ng Estado

- Mga Obligasyon sa Kondukta – isaalang-alang ang limitasyon ng mga karapatang pantao, gayundin ang paglilimita sa saklaw ng pagkilos
- Mga Obligasyon sa Resulta – obligadong maging aktibo bilang tagapagtanggol at tagapagbigay ng pangangailangan

### Mga Pangunahing Obligasyon ng Estado

- Magsagawa ng mga sukdulang hakbang, gamit ang lahat ng paraang makakayanan, upang makamit ang progresibong pagsasakatuparan ng mga karapatang pantao.
- Kagyat, hindi tinatakdaan, at tanggap ng iba pang konsiderasyon





- Ang mga hakbang ay dapat na nakatakda, kongkreto at nakatuon sa target

**Mga Obligasyong Buod**

- Tiyakin ang katuparan ng pinakabatayan at esensyal na mga antas ng bawat karapatang pantao.
- Sundin ang *international threshold* na kailangang igalang ng lahat ng patakaran.
- Panatilihin ang mga obligasyong *non-derogable* sa lahat ng pagkakataon, kabilang ang mga labanan, kagipitan, at natural na sakuna.

Halimbawa: Karapatan sa Edukasyon – Siguruhin ang karapatan at walang diskriminasyong akses sa mga institusyon at programang pang-edukasyon.

**Mga Ispesipikong Obligasyon**

- Obligasyong IGALANG ang mga karapatang pantao
- Obligasyong IPAGTANGGOL ang mga karapatang pantao
- Obligasyong TUPARIN ang mga karapatang pantao

***Obligasyong Gumalang***

- Pagbawalan ang sinuman na lumabag sa mga karapatang pantao
- Pawiin ang prehuwisyo, kaugalian at iba pang gawi na nagpapanatili ng imperiyoridad (*inferiority*) at superyoridad (*superiority*) o mga de-kahong akto
- Magsagawa ng mga programa na nagtatanggol sa kababaihan mula sa diskriminasyon
- Subaybayan at pangasiwaan ang kilos ng mga *non-state actor* upang matiyak ang pagkakapantay-pantay at pag-aalis ng diskriminasyon
- Garantiyahan ang akses sa lahat ng mga remedyong legal

Halimbawa: Karapatan sa Edukasyon – proteksyunan ang aksesibilidad sa edukasyon sa pamamagitan ng pagtiyak na ang *third parties*, kabilang ang mga magulang at *employer*, ay hindi pumipigil sa mga batang babae para makapag-eskwela.







***Obligasyong Magpatupad***

- Aktibong lumikha ng mga kondisyon na ganap na tutupad sa mga karapatang pantao
- Magsagawa ng mga angkop na paraang lehislatiba, administratiba, paglalaan ng pondo, hudisyal at iba pa para matiyak ang pantay na oportunidad sa pagkakamit ng *entitlements* na hindi makakamit ng mga indibidwal na pagsisikap lamang
- Magsawaga ng edukasyon sa mga karapatang pantao
- Palaganapin ang pantay na representasyon sa serbisyo-publiko at gawaing pangkaunlaran

Halimbawa: Karapatan sa Edukasyon – Dapat padaluyin ng mga estado ang edukasyon sa pamamagitan ng pagtitiyak na ang mga kurso sa eskwelahan ay nagpapalaganap ng pagkakapantay-pantay at pag-aalis ng diskriminasyon.

Dalawang dimensyon: Ang estado ang ultimong tagapagbigay ng mga rekurso, at kung kinakailangan, ng mga produkto at serbisyo.

Nagpapadaloy o nagpapalaganap: Obligado ang mga estado na gumawa ng mga hakbang na sadyang nagpapalaganap o nagpapadaloy ng pantay na pagpapatupad ng mga karapatang pantao.

Nagbibigay: Kapag hindi nakakamit ng mga indibidwal o grupo ang kanilang mga karapatan sa pamamagitan ng sariling kakayanan, ang estado ang obligadong magbigay ng mga karapatang ito.

Halimbawa: Karapatan sa Sapat na Pagkain –Kung hindi kaya ng mga indibidwal o grupo, sa mga dahilang wala sa kanilang kontrol, na magkaroon ng sapat na pagkain sa sarili nilang paraan, kailangang ipagkaloob ng mga estado ang karapatang ito; ang mga biktima ng mga kalamidad at iba pang sakuna ay dapat ring bigyan ng ganito.





# SESYON 9: Mga Karapatang Sibil at Pampulitika

## Aktibidad 1: 'Charights' (Charade on Human Rights)

*Layunin:*
Matapos ang bahaging ito, inaasahang ang mga kalahok ay

- Magkaroon ng batayang pang-unawa ukol sa mga pangunahing konsepto at nilalaman ng mga karapatang sibil at pampulitika, gayundin ng mga responsabilidad na kalakip ng mga karapatang ito
- Matukoy at makapagpaliwanag sa halaga ng mga karapatang sibil at pampulitika sa kanilang pang-araw-araw na buhay

*Proseso*

1. Hahatiin ng tagapagpadaloy ang mga kalahok sa dalawang grupo at ipapaliwanag ang panuntunan ng larong '*charade*':
    a. Pipili ang bawat grupo ng kinatawan na siyang maglalarawan, sa pamamagitan ng pagmumwestra o pag-arte, ng napili niyang salita o parirala na may kinalaman sa mga karapatang sibil at pampulitika. Hindi maaaring magsalita ang kinatawan habang pinahuhulaan niya ang salita/ parirala na kanyang napili.
    b. Kailangang mahulaan ng iba pang kasapi ng grupo ang salita/ parirala sa loob ng 45 segundo.
    k. May itatalagang *timekeeper* na siyang magmomonitor ng nakalaang oras.
    d. Kung mahulaan ng grupo ang tamang salita/ parirala, makakakuha sila ng isang punto. Pagkatapos, ang ikalawang grupo naman ang pipili ng kanilang kinatawan, na siya namang magmumwestra ng isa pang salita o parirala na may kinalaman sa mga karapatang sibil at pampulitika.
    e. Kung sakaling hindi mahulaan nang tama ng isang grupo ang salita/ parirala na inilalarawan ng kanilang kinatawan, magkakaroon ng pagkakataon ang kalabang grupo na humula sa loob ng 30 segundo.
2. Magpapatuloy ang prosesong ito hanggang makakuha ang alinmang grupo ng anim na puntos.







3. Matapos ang laro, ididikit sa pisara o pader ang lahat ng salita/ parirala (nahulaan man o hindi) na ginamit sa laro.
4. Sisimulan ng tagapagpadaloy ang integrasyon sa pagtatampok ng naging takbo at resulta ng laro, at iuugnay ito sa talakayan ukol sa mga karapatang sibil at pampulitika. Mahalagang tanungin niya ang mga kalahok tungkol sa kanilang naramdaman at naisip habang naglalaro ng '*charights*'. Makakatulong din kung tatanungin ang mga kalahok kung nahirapan o nadalian sila sa paglalarawan at/ o paghula sa mga konsepto/ susing salita na ukol sa mga karapatang pantao.
5. Para sa diskusyon ng *input*, ang tagapagsalita ay maaaring magpaliwanag ukol sa mga konsepto at prinsipyo ng mga karapatang pantao kaugnay ng mga salita/ pariralang ginamit sa paglalaro.
6. Pagkatapos, sisimulan ng tagapagpadaloy ang kanyang *input* sa mga karapatang pantao, kabilang ang mga obligasyong bahagi ng mga nasabing karapatan. Pwede ring mag-imbita ng tagapagsalita para magpalawig sa paksa.

Mga Gagamitin: *stopwatch* o anumang makakapag-monitor ng oras, papel at lapis para sa paglilista ng puntos, papel at mga inihandang salita para sa laro

Tagal: 30 minuto para sa laro; 2 oras para sa integrasyon at *input*





**Lektyur-talakayan**[5]

- Mga Karapatang Sibil at Pampulitika
- Pangunahing Nilalaman ng mga Karapatang Sibil at Pampulitika



## Input

**Kasunduang Internasyonal Hinggil sa mga Karapatang Pang-ekonomya, Panlipunan at Pangkultura**

Pinagtibay at sinimulang lagdaan ng Pangkalahatang Asembliya sa pamamagitan ng Resolusyon 2200A (XXI) noong 16 Disyembre 1966, nagkabisa noong 3 Enero 1976, sang-ayon sa Artikulo 49.

Nakasaad sa **Artikulo 1** ng Kasunduang ito ang karapatan ng bawat tao sa pagpapasya-sa-sarili. Pinagtitibay ng karapatang ito ang pagiging malaya ng bawat isa "na pumili ng estadong pampulitika at malayang kumilos para sa paglilinang ng kanyang pang-ekonomya, panlipunan at pangkulturang pamumuhay."

Nakalahad naman sa **Artikulo 2** na "tungkulin ng estado na igalang at tiyakin sa bawat indibidwal na saklaw ng teritoryo nito ang lahat ng karapatang kinikilala sa Kasunduang ito."

Ang **Artikulo 6,** Karapatan sa Buhay, ay nagsasabing "ang bawat tao ay may likas na karapatang mabuhay. Ipagtatanggol ito ng batas. Walang sinuman ang maaaring pagkaitan ng karapatang ito."

Malinaw sa **Artikulo 7** na "walang sinuman ang dapat dumanas ng tortyur o ng malupit, di-makatao o mapangyihang trato o parusa."

Nililinaw naman ng **Artikulo 9** na "ang karapatan sa kalayaan at kaligtasan ng mga mamamayan ay isang batayang karapatang pantao na sumasaklaw sa lahat ng sektor, pormal man o impormal. Anumang ilegal na kalakaran na sumasalungat sa mga karapatang ito ay papatawan ng kaukulang parusa at ang biktima ay pagkakalooban ng kaukulang kompensasyon."

---

[5] Ang mga punto para sa pagpapalalim at ilang halimbawa na ginamit sa mga lektyur at diskusyon ng modyul na ito ay halaw sa Praymer ng Karapatang Pantao ng mga Myembro ng Impormal na Sektor na binuo ng ESCR-Asia.



Ayon sa **Artikulo 14,** kalakip ng mga kasong kriminal na isinasampa laban sa isang tao ay ang "mga batayang garantiya na maagap na ipapaalam sa kanya ang mga detalye ng nasabing mga kaso sa wikang nauunawaan niya," at bibigyan siya ng "sapat na panahon at angkop na pasilidad upang makapaghanda ng depensa, sa pamamagitan ng abogadong pinili niya."

Tinitiyak naman ng **Artikulo 25** ang "karapatan at pagkakataon ng bawat mamamayan na makibahagi sa mga usaping pampubliko, direkta man o sa pamamagitan ng mga piniling kinatawan; gayundin ang pagkakamit, ayon sa pangkalahatang pamantayan ng pagkakapantay-pantay, ng serbisyo-publiko sa kanyang bayan."

Ang **Artikulo 16** at **26** ay nauukol sa pagkakapantay-pantay sa ilalim ng batas. Ayon sa Artikulo 16, "karapatan ng lahat ng mamamayan na kilalanin bilang tao sa ilalim ng batas."

Sinasabi naman ng **Artikulo 26** na pantay-pantay ang lahat ng tao sa ilalim ng batas, "anuman ang kanilang lahi, kulay, kasarian, wika, relihiyon, pinanggalingan, o kahit anupamang katangian. Lahat ay may karapatan sa pantay at mabisang proteksyon ng batas nang walang bahid ng diskriminasyon."





***Karagdagang Impormasyon***

**A. Ang Kasunduang Internasyonal Hinggil sa mga Karapatang Sibil at Pampulitika**

*Nakasaad sa Unang Artikulo ng Kasunduang ito ang karapatan ng bawat tao sa pagpapasya-sa-sarili. Pinagtitibay ng karapatang ito ang pagiging malaya ng bawat isa na pumili ng kanyang estadong pampulitika, at malayang kumilos para sa paglilinang ng kanyang pang-ekonomya, panlipunan at pangkulturang pamumuhay.*

- Ang sitwasyon ng mga manggagawang napipilitang namamasukan kahit saan, may makain lamang (bunga ng labis na kahirapan), at hindi dahil iyon ang gusto nilang trabaho, ay maituturing na paglabag sa karapatang ito.

- Ang kalayaang sumali at bumuo ng mga organisasyon o asosasyon (Artikulo 22 ng Kasunduang ito) na nagsusulong o nagtatanggol sa kapakanan ng mga manggagawa ay maituturing na bahagi sa karapatang ito.

Pinagtitibay din ng Kasunduan na "ang bawat tao ay hindi maaaring pagkaitan ng sariling pamamaraan para mabuhay."

- Ang biglaan at sapilitang pagpapalayas at demolisyon ng pwesto ng mga manggagawa sa impormal na sektor ay paglabag sa karapatang nabanggit. Kung kailangang gawin ang mga ito, ang lahat ng apektado ay dapat na angkop at maagang pagsabihan at pagpaliwanagan muna ukol sa lahat ng batayan at kautusang legal. Sa pagtataboy at demolisyon, ang abusado at mapagsamantalang kilos sa anyo ng korapsyon ay paglabag din sa karapatang ito.

Maaari itong ituring bilang bahagi ng Artikulo 6 ng Kodigong ito, o ng karapatang mabuhay.

Nakalahad naman sa **Artikulo 2** na "tungkulin ng estado na igalang at tiyakin sa bawat indibidwal na saklaw ng teritoryo nito ang lahat ng karapatang kinikilala sa Kasunduang ito."

- Ito ang nagtatakda ng legal na tungkulin ng gobyerno sa lahat ng kanyang nasasakupan. Inilalatag ng artikulong ito ang pananagutan ng pamahalaan sa mga mamamayan; ibig sabihin, na ang estado ay maaaring akusahan at imbestigahan kung may nangyaring paglabag







o kakulangan. Nangangahulugan din ito na dapat binibigyan ng gobyerno ng kaukulang pansin at pagkilala ang interes ng mga manggagawa sa impormal na sektor, laluna sa usapin ng suporta sa patakaran at programa. Sa kasalukuyan, pinaniniwalaang lubhang pumapabor sa pormal na sektor ng ekonomya ang burukratikong sistema ng pamahalaan.

Nakasaad rin sa artikulong ito na "dapat tiyakin ng gobyerno ang agarang solusyon/ hakbang sakaling malabag ang karapatan sa kalayaan ng bawat indibidwal, kahit pa ang nasabing paglabag ay nagawa ng mga taong nasa kapangyarihan habang tinutupad nila ang kanilang tungkulin."

- Pangunahing tungkulin ng gobyerno ang maglunsad at magbalangkas ng istruktural na mekanismo upang tugunan ang pangangailangan ng mga tao, laluna kapag may mga nangyayaring paglabag. Mahalagang sumabay ang gobyerno sa hamon ng panahon at tumugon sa mga hinaing at problema ng publiko. Sa kasalukuyan, limitado ang kapasidad ng mga myembro ng impormal na sektor, at nahaharap din sila sa kabi-kabilang hadlang sa pag-ugnay sa mga ahensya ng gobyerno na may kinalaman sa kanilang mga karapatan. Kaya naman, nararapat ding maglunsad ang pamahalaan ng mga programa na magpapabilis sa proseso ng pagtutumpak sa panahong nilalabag ang kanilang mga karapatan.

Ang **Artikulo 6,** ay nagpapatibay na "ang bawat tao ay may likas na karapatang mabuhay. Ipinagtatanggol ito ng batas. Walang sinuman ang maaaring pagkaitan ng karapatang ito."

- Hindi dapat pagkaitan ang mga manggagawa sa impormal na sektor ng pagkakakitaan sapagkat ito ang kanilang tanging paraan para mabuhay. Kung sakaling ititigil ang hanapbuhay ng mga manggagawa batay sa iniuutos ng batas, kailangang siguruhin ng mga nasa kapangyarihan na may alternatibong pagkakakitaan ang mga apektadong grupo/ indibidwal para sa gastusing pang-araw-araw ng kanilang pamilya; maaari ding bigyan sila ng gobyerno ng programang pangkabuhayan at iba pang pantulong na mekanismo.

Malinaw sa **Artikulo 7** na "walang sinuman ang dapat makaranas ng malupit, hindi makatao at mapanghiyang trato o parusa."

- Saklaw ng karapatang ito ang marahas at agresibong ugali ng mga pulis tuwing sinisita nila ang mga manggagawa sa impormal na





sektor. Karaniwang reklamo ng mga manggagawang impormal ang pag-aabuso at pagbabanta sa kanila ng mga opisyal kapag kinukumpiska ang kanilang mga paninda. Madalas pa'y tinatakot sila sa salita o pisikal na paraan. Pakiramdam tuloy ng mga manggagawa ay nababawasan ang kanilang dignidad at pagiging tao. Sa ganitong mga pagkakataon, alinsunod sa mga nabanggit na probisyon ng Artikulo 2 ng Kasunduang ito, kailangang maglaan ang gobyerno ng mga istruktural na mekanismo upang ang mga inabusong manggagawa ay madaling makakapagsampa ng reklamo.

Nililinaw naman ng **Artikulo 9** na ang kalayaan at kaligtasan ng mga mamamayan ay mga "batayang karapatang pantao na sumasaklaw sa lahat ng sektor, pormal man o impormal. Anumang ilegal na kalakaran na sumasalungat sa mga karapatang ito ay papatawan ng kaukulang parusa at ang biktima ay pagkakalooban ng karampatang kompensasyon.

- Marami sa mga nagpapatupad ng batas ay nagiging manhid sa kalagayan ng mga nasa impormal na sektor. Itinuturing man na ilegal ang hanapbuhay ng manggagawang impormal, hindi naman nangangahulugang iyon ay kriminal. Ang pagtuturing na kriminal ang nagbibigay-daan sa pang-aabuso ng mga nagpapatupad ng batas, laluna sa mga pagkakataong nagpaparusa sila nang hindi ayon sa batas. Ang ganitong kalakaran ay di lamang peligro sa kaligtasan ng mga nasa impormal na sektor, kundi lantarang pagyurak sa kanilang personal na kalayaan at integridad, laluna sa mga taong kapos ang kaalaman tungkol sa mismong mga karapatan nila.

- Labag din sa karapatang ito ang biglaan at sapilitang pagkumpiska ng mga gamit at/ o paninda ng mga impormal na manggagawa, na kadalasan pa'y nasisira o pinag-iinteresehan tuwing kukumpiskahin. Kung ang mga motorista ay binibigyan ng pagkakataong tubusin ang kanilang nakumpiskang sasakyan sa pamamagitan ng pagbabayad ng kaukulang multa, karapatan din ng mga impormal na manggagawa na tubusin ang kanilang kagamitan sa maayos na anyo.

Ayon sa **Artikulo 14,** ang mga kasong kriminal laban sa isang tao ay dapat sumusunod sa prosesong tumitiyak na ipinapaliwanag sa akusado, sa wikang nauunawaan niya, ang mga detalye ng nakasampang kaso. Dapat ring bigyan siya ng sapat na oras, pasilidad, at payagang makapili ng sariling abogado.

- Sa mga pagkakataon ng pagsita o pagpapatupad ng mga operasyong







nakasaad sa batas, tulad ng pagpapaalis sa mga ilegal na manininda sa palengke o bangketa, nararapat na ipaalam ng mga pulis, sa maayos at payapang paraan, ang paglabag ng mga manggagawa. Kung kinakailangan, mahalagang mayroon silang opisyal na dokumentong nagpapatibay sa kanilang operasyon. Sa ganoon, nabibigyan ng sapat na panahon ang mga sinisita upang maipahayag ang kanilang mga hinaing, at para tipunin ang mga produkto at kagamitan kung talagang kailangan nilang lisanin ang lugar. Hindi dapat sila basta-basta at sapilitang dinadala sa presinto.

- Ang dala ng mga pulis para sa kanilang operasyon at proteksyon, tulad ng batuta, *crowbar*, at iba pa ay hindi dapat ipanindak, ipanakot, ipanakit at/ o kaya'y ipanghamon sa mga manggagawa, kahit pa sa mga pagkakataong nagiging mapusok sila sa pagpapahayag ng kanilang panig.

Tinitiyak naman ng **Artikulo 25** ang karapatan at oportunidad ng bawat mamamayan na makibahagi sa mga pampublikong gawain, direkta man o sa pamamagitan ng mga piniling kinatawan; gayundin ang pagkakamit, batay sa diwa ng pagkakapantay-pantay, ng serbisyo-publiko.

- Ang kakapusan ng pagkilala sa impormal na sektor, na makikita sa kasalatan ng opisyal at lehitimong dokumentasyon at estadistika na mainam sanang magagamit upang makapagbalangkas ng kumprehensibong patakaran, programa at estratehiya, ay isang kakulangan ng gobyerno sa pagtupad ng karapatang ito. Sa ganitong kaso, ang impormal na sektor ay salat sa representasyon at partisipasyon sa paggawa ng mga patakarang nakakaapekto sa kanila. Dahil dito, ang sistema ay sadyang pumapabor sa pormal na sektor ng ekonomya.

Ang **Artikulo 16** at **26** ay tumutugon sa usapin sa pagkakapantay-pantay sa ilalim ng batas. Ayon sa una, "may karapatan ang lahat ng mamamayan na kilalanin bilang tao sa ilalim ng batas."

- Sa lahat ng pagkakataon, dapat ay laging makatao ang pakikitungo ng isa sa isa. Ang lahat ay dapat tratuhin bilang tao.

Sinasabi naman ng sumusunod na artikulo na "pantay-pantay ang lahat ng tao sa ilalim ng batas anuman ang kanyang lahi, kulay, kasarian, wika, relihiyon, pinanggalingan, o kahit anong katangian. Ang lahat ay laging may karapatan sa pantay at mabisang proteksyon ng batas nang walang bahid ng diskriminasyon."



- Kadalasan, nagtatrabaho ang mga manggagawa sa impormal na sektor sa marumi at di kaaya-ayang lugar, suot ang pang-araw-araw na damit. Salungat ito sa kondisyon ng mga empleyado sa pormal na sektor na laging malinis at propesyonal ang bihis. Hindi ito nangangahulugan na mababang tao ang mga impormal na manggagawa kumpara sa mga pormal na manggagawa. Ibig sabihin, dapat din silang pakitunguhan nang magalang ng mga nagpapatupad ng batas. Batay sa hinaing ng maraming impormal na manggagawa, nakakaranas sila ng marahas at abusadong trato ng mga pulis laluna kapag sinisita sila. Malimit din na sila'y minamaliit at kinukutya ng ilang mga opisyal at alagad ng batas.

- Madalas na sinisisi ang mga drayber ng traysikel at dyip sa problema ng trapik. Kaya naman, sari-saring patakaran ang ipinapatupad upang limitahan ang kanilang pagbibyahe sa mga piling lansangan/ kalye. Hindi makatwiran na basta na lang ibato ang sisi sa kanila dahil maging ang mga pribadong sasakyan ay parehas ding nag-aambag sa problema ng trapik. Bukod pa rito, hindi nabibigyan ng parehong oportunidad ang mga drayber ng traysikel at dyip dahil walang sapat na lugar na pwede nilang pilahan o paradahan.







# SESYON 10: Mga Pang-ekonomya, Panlipunan at Pangkulturang Karapatan

Ang bahaging ito ay nakalaan sa pagpapalalim ng pang-unawa ng mga kalahok sa mga pang-ekonomya, panlipunan at pangkulturang karapatan ng bawat isa.



## Aktibidad 1: 'Mind Mapping'

*Layunin:*

Matapos ang gawaing ito, ang mga kalahok ay inaasahang:

- Makapagpahayag ng kanilang pananaw at opinyon kaugnay ng mga pang-ekonomya, panlipunan at pangkulturang karapatan
- Matukoy at maipaliwanag ang mga pangunahing konsepto at prinsipyo na may kinalaman sa mga pang-ekonomya, panlipunan at pangkulturang karapatan

*Proseso:*

1. Bibigyan ng tagapagpadaloy ang bawat kalahok ng metakard. Sa mga iyon ay isusulat nila ang mga bagay, ideya/ konsepto, at iba pa na agad nilang naiisip tuwing naririnig nila ang katawagang 'pang-ekonomya, panlipunan at pangkulturang karapatan'.
2. Matapos ang dalawang minuto, ipapadikit ng tagapagpadaloy sa pisara o pader ang lahat ng sagot ng mga kalahok. Tatanungin niya ang 5-6 na kalahok upang ipaliwanag ang kanilang isinulat sa mga metakard.
3. Matapos ang pagbabahagi ng ilang piling kalahok, mahalagang pagsama-samahin ng tagapagpadaloy ang magkakaugnay na mga sagot. Maaari siyang gumamit ng dayagram upang higit na maipakita ang pagkakaugnay ng mga ideya/ konsepto ng mga kalahok. Kung may mga sagot na halos walang kaugnay o malayo sa iba pang ideya, maaaring ang mga ito ay ihiwalay ng tagapagpadaloy sa isang bahagi ng pisara. Sasabihin niya sa mga kalahok na babalikan ang mga iyon sa bahagi ng pagpapalalim ng diskusyon.
4. Matapos pag-ugnay-ugnayin ang sagot ng mga kalahok, sisimulan na ng tagapagpadaloy ang pagpapalalim sa mahahalagang laman ng mga pang-ekonomya, panlipunan at pangkulturang karapatan.







Mga Gagamitin: mga metakard, *masking tape*



Tagal: 10 minuto para sa panimulang gawain; 20 minuto para sa bahaginan at pag-uugnay ng mga ideya

*Iminumungkahi ang mga aktibidad sa ibaba para magsilbing panimulang gawain sa pagtalakay ng Karapatan sa Sapat na Pagkain, Karapatan sa Paninirahan, at Karapatan sa Kalusugan. Layunin ng bawat aktibidad na makapagbahagi ang mga kalahok ng kanilang pang-araw-araw na karanasan na may kaugnayan sa tatlong karapatan.*



Mga Gagamitin: mga metakard, bond paper, *manila paper*, mga bolpen, krayola



Tagal: 15-20 minuto sa bawat aktibidad; 15 minuto sa diskusyon at pagpapalalim



## Aktibidad 2: Menu sa Tanghalian (para sa Karapatan sa Sapat na Pagkain)

*Proseso:*

1. Hihilingin ng tagapagpadaloy na gumawa ang bawat kalahok ng isang menu sa tanghalian ng kanilang pamilya.
2. Dapat ay may detalyadong badyet ang bawat menu. Ang kabuuang badyet ng menu ay dapat na pasok sa pang-araw-araw na kita ng kanilang pamilya.







3. Kung tapos na ang bawat isa, hihilingin ng tagapagpadaloy ang 2-4 na kalahok para magbahagi ng kanilang menu (pati badyet nito) sa bawat isa. Isusulat ng tagapagpadaloy sa pisara o *manila paper* ang bawat menu na ibabahagi, kasama ang detalyadong badyet, upang maikumpara ito ng iba pang kalahok sa kanilang ginawang menu.
4. Matapos ang bahaginan, muling hihilingin ng tagapagpadaloy na gumawa ang mga kalahok ng isa pang menu na sapat para sa lahat ng myembro ng kanilang pamilya. Sa pagkakataong ito, hindi kailangang isaalang-alang ng mga kalahok ang halaga ng kanilang kinikita sa araw-araw. Maaari pa ngang lumampas ang presyo ng menu sa kanilang sweldo sa isang araw.
5. Matapos ang tatlong minuto, muling hihilingin ng tagapagpadaloy na magbahagi ng kanilang menu ang 3-4 na kalahok. Tulad ng ginawa sa naunang bahaginan, isusulat ng tagapagpadaloy sa pisara o *manila paper* ang bawat menu na ibabahagi, kasama na ang detalyadong badyet, upang maikumpara ito ng iba pang kalahok sa kanilang ginawang menu.
6. Mainam din kung hihilingin ng tagapagpadaloy na ihambing ng mga kalahok ang dalawang menu na kanilang ginawa at magbahagi sila ng kanilang mga realisasyon mula sa pagkukumpara.
7. Matapos magbahagi ang ilang kalahok, mainam na bigyang-diin ng tagapagpadaloy ang kahalagahan ng *purchasing power* o 'kakayahan sa pagbili' ng bawat indibidwal at/ o ng buong pamilya para matamo ang karapatan sa sapat na pagkain. Ipinapakita din nito ang pagkakaugnay ng lahat ng karapatang pantao (hal., ang ugnayan ng karapatan sa Paghahanapbuhay at Karapatan sa Sapat na Pagkain).
8. Sisimulan ng tagapagpadaloy ang lektyur ukol sa Normatibong Nilalaman ng Karapatan sa Sapat na Pagkain (Normative Content of Right to Adequate Food).

## Aktibidad 3: Ang Aking *Dream House*

*Proseso:*

1. Bibigyan ng tagapagpadaloy ang bawat kalahok ng *bond paper* at pangkulay. Hihilingin niya na isipin ng bawat isa ang itsura ng pangarap nilang bahay o *dream house*.
2. Matapos ang isang minuto, sasabihan ng tagapagpadaloy na iguhit ng mga kalahok ang kanilang *dream house* sa papel na ibinigay sa kanila. Maaaring maghanap ang mga kalahok ng lugar o sulok kung





saan sila komportableng magdrowing ng kanilang *dream house*.

3. Matapos ang 10 minuto, tatawagin na ng tagapagpadaloy ang bawat isa para ipaskil ang kanilang mga *dream house* sa pader o pisara para makita ng lahat. Matapos ito, pababalikin na niya ang lahat sa dating pwesto para simulan ang bahaginan.
4. Kung maayos na ang lahat, hihilingin ng tagapagpadaloy na ipaliwanag ng bawat isa ang kanilang drowing. Kailangang ipaalala ng tagapagpadaloy na dapat ipaliwanag ng mga kalahok kung bakit 'ideyal' para sa kanila ang bahay na kanilang iginuhit (ano-ano ang mahahalagang katangin nito para tawaging *dream house*).
5. Mula sa mahahalagang puntong ibinahagi ng mga kalahok, sisimulan ng tagapagpadaloy ang diskusyon ng Karapatan sa Maayos na Tirahan.



## Aktibidad 4: 'Tag-ulan Tag-init, Iba't ibang Sakit'

*Proseso:*

1. Tatanungin ng tagapagpadaloy ang mga kalahok tungkol sa mga pangkaraniwang sakit na dumadapo sa kanila tuwing tag-araw at tag-ulan.
2. Ililista ng tagapagpadaloy sa pisara o *manila paper* ang sagot ng mga kalahok at ilalagay niya ang mga ito sa ilalim ng dalawang kategorya: Tag-ulan o Tag-init
3. Matapos ito, tatanungin ng tagapagpadaloy kung ano naman ang ginagawa ng mga kalahok para maiwasan o malunasan ang mga sakit.
4. Mula sa bahaginan, tutungo ang tagapagpadaloy sa pagpapalalim at diskusyon ng Karapatan sa Kalusugan.



## Input

"Ang mga pang-ekonomya, panlipunan at pangkulturang karapatan ang gumagarantiya sa lahat upang magkaroon ng sosyoekonomikong oportunidad para mabuhay nang may dignidad ang bawat isa at ang kanyang pamilya." (PhilRights: 2006, 28)





**Kasunduang Internasyonal Hinggil sa mga Pang-ekonomya, Panlipunan at Pangkulturang Karapatan (International Covenant on Economic, Social and Cultural Rights o ICESCR)**




Pinagtibay at sinimulang lagdaan ng Pangkalahatang Asembliya sa pamamagitan ng Resolusyon 2200A (XXI) noong 16 Disyembre 1966; nagkabisa noong 3 Enero 1976, batay sa Artikulo 27 ng estado ng ratipikasyon.



Alinsunod sa **Artikulo 6, Karapatang Makapagtrabaho,** ang bawat isa ay dapat na may oportunidad na tumanggap o pumili ng trabaho upang maitaguyod ang sarili at pamilya. Dapat ring may kaaya-ayang kalagayan ang trabahong pinapasukan upang tuloy-tuloy niyang maipagtanggol ang karapatang ito.

Isinasaad din ng artikulo na, upang matamo ang karapatang ito, dapat isulong ng gobyerno, sa pamamagitan ng mga patakaran at programa, ang mga teknikal at bokasyonal na patnubay, pagsasanay, at estratehiya upang makamtan ang tuloy-tuloy na pang-ekonomya, panlipunan at pangkulturang pag-unlad.

Sa ilalim ng **Artikulo 7,** sinasabi ng **Karapatan sa Maayos na Kondisyon sa Pagtatrabaho** na ang lahat ay dapat na may makatarungan at maayos na kondisyon sa paggawa. Kasama rito ang makatwirang sahod na sasapat para sa disenteng pamumuhay ng kanyang pamilya. Ang kaligtasan at kaayusan sa lugar na pinagtatrabahuhan ay kailangan ding





tiyakin upang hindi masakripisyo ang kalusugan at kapasidad sa produksyon ng mga manggagawa.




Isinasaad ng **Artikulo 8, Karapatang Bumuo at Sumali sa mga Unyon,** na "karapatan ng bawat isa ang magtayo ng, at sumali sa, mga unyon na nagsusulong at nagtatanggol sa pang-ekonomya at panlipunang interes ng mga manggagawa. Hanggang naayon sa batas ng bansa o para sa isang demokratikong lipunan, hindi maaaring limitahan ang karapatang ito o maging ang kalayaang magwelga at magdemonstrasyon. Maaaring magbuo ng mga pambansang pederasyon o mga kumpederasyon ang mga unyong ito. Ang mga naitayong pambansang pederasyon ay maaari ding bumuo o lumahok sa internasyonal na pormasyon ng mga unyon."

Ayon sa **Artikulo 9, Karapatan sa Panlipunang Seguridad,** ang mga estadong bahagi ng kasalukuyang kasunduan ay kumikilala sa karapatan ng lahat sa panlipunang seguridad, kabilang ang *social insurance*.




Ang **Artikulo 10,** na nauukol **sa pamilya, mga ina at kabataan,** ay nagtatadhana ng pinakamalawak na proteksyon at tulong para sa pamilya. Ang mga ina ay dapat bigyan ng espesyal na proteksyon sa loob ng makatwirang panahon bago at matapos makapanganak. At, mga espesyal na proteksyon at tulong ang dapat ding ipagkaloob sa mga paslit at kabataan nang walang diskriminasyon dahil sa mga magulang o iba pang kondisyon.

Sa **Artikulo 11, Karapatan sa Tamang Antas ng Pamumuhay,** sinasabing ang lahat ay may karapatan sa tamang antas ng pamumuhay para sa kanyang sarili at pamilya. Kabilang dito ang karapatan sa sapat na pagkain, damit at pabahay, at karapatan sa tuloy-tuloy na pagpapaunlad ng kondisyon sa paggawa. Tungkulin ng estado na gumawa ng mga kaukulang hakbang








upang masiguro ang realisasyon ng karapatang ito, na kumikilala sa kahalagahan ng internasyonal na pagtutulungan batay sa malayang pagsang-ayon ng lahat.



Ang **Karapatan sa Pisikal at Mental na Kalusugan,** na **nakapaloob** sa **Artikulo 12,** ay nagsasabing "karapatan ng bawat isa na magtamasa ng pinakamataas na antas ng kalusugang pisikal at mental."



Itinatakda ng **Artikulo 13, Karapatan sa Edukasyon,** ang karapatan ng bawat isa na makapag-aral. "Mahalaga sa buhay ang edukasyon sapagkat nililinang nito ang pagkatao at dignidad ng isang tao; pinaiigting nito ang paggalang sa mga karapatang pantao at sa pundamental na mga kalayaan. Nagiging susi din ang edukasyon upang ang bawat isa ay makibahagi sa isang malayang lipunan,





maisulong ang pagkakaintindihan, pagkakaibigan sa lahat ng nasyon at lahi, etniko o grupong pangrelihiyon, at mga gawain ng UN para sa pagpapanatili ng kapayapaan sa mundo.

Nililinaw ng **Artikulo 15, Karapatan sa Pangkultura at Syentipikong Pag-unlad,** na "karapatan ng lahat na makibahagi sa pangkulturang aspekto ng pamumuhay at magtamasa ng benepisyong dulot ng pag-unlad ng syensya at teknolohiya."

**May tatlong kategorya ang Obligasyon ng Pamahalaan na nagmumula sa mga karapatang nabanggit:**

1) Tungkuling Gumalang. *Halimbawa, hindi maaaring pagkaitan ng gobyerno ang mga komunidad ng mga pangunahing pasilidad para sa kalusugan.*

2) Tungkuling Magtanggol. Ito'y may kinalaman sa mga dapat gawin ng pamahalaan upang hindi malabag ang mga karapatan ng mga tao: *Halimbawa, dapat na magpasa at magpatupad ng batas na nagbabawal sa mga pribadong kumpanya na maglabas o magpakawala ng mga mapanganib na kemikal na mapaminsala sa kalusugan ng publiko.*

3) Tungkuling Magpatupad. Inoobliga nito ang pamahalaan na magkaroon ng sistemang titiyak na ang mga karapatan ng lahat ay nakakamit.

**Pagsubaybay sa paglabag at/ o pagtupad sa mga obligasyon**

***Dalawang Kategorya ng Paglabag***

1) Pagkabigong makamit ang mga karapatan (*failure to progressively realize*)
*Halimbawa: Kung ang isang ahensya ng gobyerno ay hindi nakapaglaan ng badyet para sa batayang serbisyong panlipunan at kung may nangyaring korapsyon o pagpapabaya sa bahagi ng pamahalaan*

2) Diskriminasyon sa pagkakamit ng mga karapatan
*Halimbawa: Diskriminasyon sa pagtatamo ng pagkain at*







*pangangalagang medikal; isang paglabag din ang hindi paghahatid ng magkaparis na serbisyong pangkalusugan sa mga batang babae at lalaki*

***Karagdagang Impormasyon***

**Lektyur-talakayan**[6]

- Kahulugan ng mga pang-ekonomya, panlipunan at pangkulturang karapatan
- Pangunahing Nilalaman ng Kasunduan hinggil sa mga pang-ekonomya, panlipunan at pangkulturang karapatan
  i. Pagpapasya-sa-sarili
  ii. Karapatan sa Paghahanapbuhay at Social Security
  iii. Karapatan sa Matiwasay na Pamumuhay
  iv. Karapatan sa Maayos na Kalusugan
  v. Karapatan sa Edukasyon
  vi. Karapatan sa Pangkultura at Syentipikong Pag-unlad
  vii. Pananagutan ng Estado at ang Pagbabantay sa mga Paglabag sa mga Karapatang Pantao

**Kasunduang Internasyonal Hinggil sa mga Pang-ekonomya, Panlipunan at Pangkulturang Karapatan (International Covenant on Economic, Social and Cultural Rights o ICESCR)**

Pinagtibay at sinimulang lagdaan ng Pangkalahatang Asembliya, sa pamamagitan ng Resolusyon 2200A (XXI) noong 16 Disyembre 1966, nagkabisa noong 3 Enero 1976, batay sa Artikulo 27, estado ng ratipikasyon.

Sa pambungad pa lamang ng ICESCR, kinikilala na agad na ang malayang mamamayan ay malaya sa takot at kasalatan. Maabot lamang ang mithiing ito kung tinatamasa ng bawat isa ang kanyang mga karapatang pantao: mga karapatang pangkabuhayan, panlipunan at pangkultura, at pati rin ang mga karapatang sibil at pampulitika."

[6] Ang mga punto para sa pagpapalalim at ilang halimbawa na ginamit sa mga lektyur at diskusyon ng modyul na ito ay halaw sa Praymer ng mga Karapatang Pantao ng mga Myembro ng Impormal na Sektor na binuo ng ESCR-Asia.





## Artikulo 6, Karapatang Makapagtrabaho

Ang bawat isa ay dapat makapagtrabaho ayon sa malaya niyang kagustuhan, nang maitaguyod ang sarili at pamilya. Dapat ring may kaaya-ayang kalagayan ang trabahong pinapasukan upang tuloy-tuloy niyang maipagtanggol ang karapatang ito.

- Ang mismong pag-iral ng impormal na ekonomya ay isang indikasyon ng pangangailangan at karapatan ng mga tao para makapagtrabaho.
- Ang lumalalang sitwasyon ng kawalan ng trabaho at ang kakulangan ng gobyerno na mamagitan upang malutas ang nasabing problema ay isang paglabag sa karapatang ito. Maging ang pagpasok ng mga manggagawa sa trabaho para makatawid lamang sa gutom o kaya'y dahil sa matinding kahirapan, ay pagyurak din sa ganitong karapatan.
- Trabaho ang pinakamahalagang panlipunang proteksyon para sa mga manggagawa sapagkat nabibigyan sila ng oportunidad upang makalikom ng pera para matustusan ang kanilang pangangailangan.
- Ang mga unyon o asosasyon ng manggagawa na nagdaraos ng pagsasanay, konsultasyon, at *job fair* ay tumutulong sa pagpapatupad ng karapatang ito.

Isinasaad din ng artikulo na upang matamo ang karapatang ito, dapat isulong ng gobyerno, sa pamamagitan ng mga patakaran at programa, ang mga teknikal at bokasyonal na patnubay, pagsasanay, at estratehiya upang makamtan ang tuloy-tuloy na pang-ekonomya, panlipunan at pangkulturang pag-unlad.

- Isang malinaw na manipestasyon ng mga pagkukulang ng gobyerno sa paggalang sa karapatang ito ang hindi sapat na opisyal na dokumentasyon at estadistika tungkol sa impormal na sektor. Resulta nito'y kakulangan ng pagkilala at kawalan ng maayos na pagpaplano o mga estratehiya upang mapabuti ang kalagayan ng sektor; ito'y lalo pang nagpapalala ng kanilang hirap nang sitwasyon.

## Artikulo 7, Karapatan sa Maayos na Kondisyon sa Pagtatrabaho

Ang lahat ay dapat na may makatarungan at maayos na kondisyon sa paggawa. Kasama rito ang makatwirang sahod na sasapat para sa disenteng pamumuhay ng kanyang pamilya. Ang kaligtasan at kaayusan sa lugar na pinagtatrabahuhan ay kailangan ding tiyakin upang di masakripisyo ang kalusugan at kapasidad sa produksyon ng mga manggagawa.







- Dapat maglaan ang pamahalaan ng malinis, maayos at pangmatagalang pwesto para sa mga gawain/ negosyo ng mga impormal na manggagawa, tulad halimbawa ng terminal para sa mga drayber ng pedikab o kaya'y lugar para sa mga manininda.
- Malaki ang kaugnayan ng kapasidad sa produksyon at ng seguridad at kalusugan. Nagiging produktibo ang paggawa kapag ito'y nagaganap sa ligtas na kapaligiran.
- Ang mga negosyong kulang sa probisyon ng mga kagamitang pangkalusugan at pangkaligtasan, tulad ng helmet sa konstruksyon o *gas mask* para hindi makalanghap ng nakakapinsalang kemikal, ay lumalabag sa karapatang ito. Nalalabag din ang karapatan ng mga manggagawa kung ang lugar ng trabaho ay hindi maayos, marumi, hindi mainam ang bentilasyon at pailaw, at iba pa.

**Artikulo 8, Karapatang Bumuo at Sumali sa mga Unyon**

Karapatan ng bawat isa na magtayo at sumali sa mga unyon na nagsusulong at nagtatanggol sa pang-ekonomya at panlipunang interes ng mga manggagawa. Hanggang naayon sa batas ng bansa o para sa isang demokratikong lipunan, hindi maaaring limitahan ang karapatang ito o maging ang kalayaang magwelga at magdemonstrasyon. Maaaring magbuo ng mga pambansang pederasyon o mga kumpederasyon ang mga unyong ito. Ang mga naitayong pambansang pederasyon ay maaari ding bumuo o lumahok sa internasyonal na pormasyon ng mga unyon.

- Kung ang mga indibidwal ay magkakasama at sumusunod sa mga itinakdang tuntunin at istruktura, sila'y higit na nagiging makapangyarihan at nagiging mas malakas ang kanilang pagkilos. Nagpapalakas ito sa pamamagitan ng pagkilala sa manggagawa at ng posibleng representasyon sa gobyerno. Pwede itong magbigay-daan sa makabuluhang pakikilahok ng mga naisasantabing grupo, tulad ng mga kabilang sa impormal na sektor, sa mga ahensyang nagpapasya at bumabalangkas ng mga patakaran, kung saan maaari nilang ipahayag ang kanilang magkakaugnay na karanasan o hinaing, at pati na ang kanilang mga partikular na pangangailangan at panawagan.
- Maitututuring itong saklaw ng Artikulo 1 ng ICCPR: Ang Karapatan sa Pagpapasya-sa-Sarili.





### Artikulo 9, Karapatan sa Social Security

Ang mga estadong bahagi ng kasalukuyang kasunduan ay kumikilala sa karapatan ng lahat sa *social security*.

- Batay sa klase ng kanilang hanapbuhay, karaniwan lamang na sa matao at masikip na lugar nagtatrabaho ang mga manggagawa sa impormal na sektor. Dahil dito, at dahil din sa kumpetisyon, nagiging bukas sa krimen at gulo ang mga lugar na ito. Kung kaya, kailangang subaybayan ng mga alagad ng batas ang mga lugar na ito para masiguro ang kaligtasan.
- Hindi dapat abusuhin at pagsamantalahan ng mga pulis ang mga nasa impormal na negosyo. Karaniwan nang napapaulat ang pangongotong at/ o pagkuha ng paninda, gaya ng pagkain at sigarilyo, nang hindi nagbabayad.
- Walang pribilehiyo ang mga manggagawa sa impormal na sektor na magkaroon ng pormal na relasyong *employee-employer*. Dahil dito, wala silang pribilehiyo na magkaroon ng *social security* tulad ng SSS at Philhealth.
- Bukod dito, dahil sa tumitinding kalakaran ng *subcontracting* na ginagawa ng maraming negosyo upang lalong lumaki ang kanilang kita, tumataas din ang bilang ng mga manggagawang hindi nabibigyan ng *social security*.
- Alinsunod sa Konstitusyon ng Pilipinas at Kodigo ng Paggawa (Labor Code), kailangang saklaw ng *social security* ang lahat ng klase ng manggagawa, pormal man o impormal.

### Artikulo 11, Karapatan sa Tamang Antas ng Pamumuhay

Ang lahat ay may karapatan sa tamang antas ng pamumuhay para sa kanyang sarili at pamilya. Kabilang dito ang karapatan sa sapat na pagkain, damit at pabahay, at karapatan sa tuloy-tuloy na pagpapaunlad ng kondisyon sa paggawa. Tungkulin ng estado na tiyakin ang katuparan ng karapatang ito, na kumikilala sa kahalagahan ng internasyonal na pagtutulungan batay sa malayang pagsang-ayon.

- Dapat bigyang-diin ang kahalagahan ng edukasyon, kalusugan, nutrisyon, pabahay at iba pang pantaong kapital, sapagkat ang mga indikasyong ito ng kalidad ng buhay ay kailangan sa pag-unlad ng tao at disenteng pamumuhay. Kung hindi makakamit ang mga karapatang ito, hindi rin matatamasa ang buhay na may dignidad.







- Ang dagdag sa materyal na kapital ay maaaring magdulot lamang ng maliit na pagbabago sa produktibidad nang hindi tumutupad sa karapatang ito.
- Itinataguyod at pinoprotektahan ng karapatan sa tamang antas ng pamumuhay ang pangkalahatang kalusugan ng indibidwal. Ibig sabihin, ang kawalan ng pagkakataon upang kumita nang sapat para tustusan ang mga batayang pangangailangan ng pamilya, tulad ng sapat at mainam na pagkain, pananamit at tirahan, ay masasabing paglabag sa karapatang ito.

**Artikulo 12, Karapatan sa Kalusugang Pisikal at Mental**

Binibigyang-diin ng artikulong ito ang "karapatan ng bawat isa na magtamasa ng pinakamataas na antas ng kalusugang pisikal at mental."

- Kailangang may matatakbuhang serbisyong medikal ang lahat ng indibidwal kung sila'y magkasakit.
- Ang lahat ng tao na may kahinaan sa kalusugan, na nalalagay sa sa posibleng pagkakasakit, at pinalalala pa ng kanilang katayuang panlipunan at/ o trabaho, ay may karapatan sa programang pangkalusugan at pagkalinga sa panahon ng pagkakasakit.
- Ang sinumang walang kakayahan sa pagpapagamot ay may karapatan sa libreng lunas at tulong.
- Ang masamang kondisyon sa paggawa, na kinatatangian ng panganib na pisikal, bayolohikal, ergonomikal at mapinsalang kemikal, ay malinaw na paglabag sa karapatang ito dahil napapahamak ang kalusugan ng mga manggagawa.
- Ang kakulangan sa *social security* tulad ng PhilHealth na siyang nakakatulong sa panahon ng karamdaman at aksidente, ay patunay din na hindi ganap na nirerespeto at ipinapatupad ang karapatang ito.
- Ang araw-araw na pangambang dulot ng takot na arestuhin o abusuhin ng pulis, o ang alalahaning mahinto ang kanilang kabuhayan anumang oras, ay malaking dagok sa kalusugang *psycho-emotional* ng mga impormal na manggagawa.

Responsabilidad ng estado ang realisasyon ng karapatang ito, kaya ang mga nararapat na hakbang upang mapabuti ang lahat ng aspekto ng kalinisan sa kapaligiran at industriya ay dapat na isinasakatuparan, kabilang ang pag-iwas, paglunas at pagkontrol sa pagkalat ng epidemya at iba pang sakit, at ang maagap na pagkakaroon ng serbisyong medikal sa panahon ng pagkakasakit.





- Bilang pagsunod sa nasabing probisyon, ang estado ay dapat magtalaga ng mga kawaning susubaybay at mangangalaga sa sanitasyon at kaligtasan ng mga lugar na pinagtatrabahuhan ng mga manggagawang impormal. Para magawa ito, dapat munang maisadokumento/ magawan ng estadistika at makilala ang mga nasabing manggagawa; ito ay kailangang agad na gawin ng mga lokal na pamahalaan. Kailangan ding maglaan ng panlipunang proteksyon para sa mga manggagawang impormal.
- Ang mga pampublikong serbisyong medikal ay hindi na natatamasa ng mga mamamayan dahil sa:
  - o di patas at di angkop na sistema ng pamamahagi
  - o krisis sa pananalapi ng pamahalaan at pagbabawas sa badyet para na mga serbisyong panlipunan
  - o pagsasapribado ng mga serbisyong panlipunan

**Artikulo 13, Karapatan sa Edukasyon**

Karapatan ng bawat isa ang makapag-aral. Mahalaga sa buhay ang edukasyon sapagkat nalilinang nito ang pagkatao at dignidad ng isang tao; pinaiigting nito ang paggalang sa mga karapatang pantao at sa pundamental na mga kalayaan. Nagiging susi din ang edukasyon upang ang bawat isa ay makibahagi sa isang malayang lipunan, maisulong ang pagkakaintindihan, pagkakaibigan sa lahat ng nasyon at lahi, etniko o grupong relihiyon, at mga gawain ng UN para sa pagpapanatili ng kapayapaan sa mundo.

- Malinaw na isinasaad sa Kasunduang Internasyonal Hinggil sa Pang-ekonomya, Panlipunan at Pangkulturang Karapatan na:
  - a. Ang bawat tao ay dapat magkaroon ng libreng Edukasyong Primarya.
  - b. Dapat ding tinitiyak ng pamahalaan na ang Edukasyong Sekondarya ay natatamo ng bawat isa.
  - k. Kailangan ding naaabot ng bawat isa ang edukasyong kolehiyo o *higher education.*
  - d. Mahahalagang katangian ng isang mahusay na edukasyon: nariyan lamang *(available)*, naabot ng lahat *(accessible)* at walang diskriminasyon, katanggap-tanggap para sa mga mag-aaral *(acceptable)*, at naiaangkop sa sitwasyon ng mga tao *(adaptable).*
- Inaagaw ng kakulangan sa edukasyon ang oportunidad ng indibidwal na matuto at maglinang ng mga pagpapahalaga at kasanayan na importante sa pagbuo at pagkilala ng sariling kakayahan at kumpyansa. Malinaw ang implikasyon nito sa paraan ng paglahok ng indibidwal sa lipunan.







- Sa pananaw ng paggawa, ang kakulangan sa edukasyon ay isang hadlang sa pagkakaroon ng ninanais na trabaho ng indibidwal. Pinipigilan din ng kakulangan sa edukasyon ang kakayahang matuto at makasabay sa nagbabagong pangangailangan sa lakas-paggawa ng merkado. Nililimita nito ang pangkabuhayang potensyal, paglago at pag-unlad ng tao (Castro, 2003).
- Maraming impormal na manggagawa ang walang kakayahang papag-aralin ang mga anak, dahil bukod sa matrikula, mabigat din para sa kanila ang gastos sa baon, uniporme, mga proyekto sa eskwela at pamasahe. Kung sakali mang pumapasok sa paaralan ang kanilang mga anak, palaging nahuhuli ang mga ito sapagkat hindi sila nakakasabay sa pinag-aaralan lalupa't walang laman ang sikmura o kaya nama'y walang wastong ilaw sa kanilang tahanan sa paggawa nila ng mga aralin.
- Ang kalidad ng edukasyon sa mga pampublikong paaralan ay patuloy na bumabagsak dahil kulang sa mga wastong pasilidad at iba pang pangangailangan. May matinding kakapusan hindi lamang sa aklat at upuan kundi maging sa mga kwalipikadong guro.

**Artikulo 15, Karapatan sa Pangkultura at Syentipikong Pag-unlad**

Nililinaw ng artikulong ito ang "karapatan ng lahat para makibahagi sa pangkulturang aspekto ng pamumuhay at sa pagtatamasa ng benepisyong dulot ng pag-unlad ng syensya at teknolohiya.

- Una sa lahat, karapatan ng mga mamamayan na malaman ang lahat ng bagong produktong likha ng makabagong syensya at teknolohiya, laluna ang may kinalaman sa lipunan at ugnayan ng mga tao. Dapat silang maturuan, sa pamamagitan ng epektibong programang pang-edukasyon, kung paano gamitin ang mga ito, kung ano-ano ang pakinabang at ang mga negatibong epekto. Ang ganitong pagtingin ay hango sa paniwala na ang mga inobasyon at imbensyon ay para gamitin ng mga tao sa pang-araw-araw na pamumuhay at kultura.
- Mahalaga ang usaping ito sa pagpapasya kung anong dayuhang inobasyon/ imbensyon ang gagamitin dito sa ating bansa. May karaniwang pagtingin na ang mga hindi kilalang teknolohiya ay hindi maaaring magamit sa kanayunan o sa mga atrasadong lugar. Kaya naman, kailangang may mas masusing regulasyon ang gobyerno hinggil sa pag-aangkat ng mga ito.





**May tatlong kategorya ang Obligasyon ng Pamahalaan na nagmumula sa mga karapatang nabanggit:**

1) Tungkuling Gumalang. *Halimbawa, hindi maaaring pagkaitan ng gobyerno ang mga komunidad ng mga pangunahing pasilidad para sa kalusugan.*
2) Tungkuling Magpatupad. Inoobliga nito ang pamahalaan na magkaroon ng sistemang titiyak na ang mga karapatan ng lahat ay nakakamit.
3) Tungkuling Magtanggol. Ito'y may kinalaman sa dapat gawin ng pamahalaan sa ibang grupo upang hindi matapakan ang karapatan ng mga tao: *Halimbawa, dapat na magpasa at magpatupad ng batas na nagbabawal sa mga pribadong kumpanya na maglabas o magpakawala ng mga mapanganib na kemikal na mapaminsala sa kalusugan ng publiko.*

**Pagsubaybay sa paglabag at/ o pagtupad sa mga obligasyon**

***Dalawang Kategorya ng Paglabag***

1) Pagkabigong makamit ang mga karapatan (*failure to progressively realize*)
*Halimbawa: Kung ang isang ahensya ng gobyerno ay hindi nakapaglaan ng badyet para sa batayang serbisyong panlipunan at kung may nangyaring korapsyon o pagpapabaya sa bahagi ng pamahalaan.*

2) Diskriminasyon sa pagkakamit ng mga karapatan
*Halimbawa: Diskriminasyon sa pagtatamo ng pagkain at pangangalagang medikal; isang paglabag din ang hindi pagbibigay ng magkaparis na serbisyong pangkalusugan sa mga batang babae at lalaki.*



## Aktibidad 5: Bisita Kultura

*Layunin:*
Sa pagtatapos ng gawaing ito, inaasahang matutukoy at maipapaliwanag ng mga kalahok ang kahalagahan ng ilang piling lugar sa ating kasaysayan at kultura. Sa pamamagitan nito'y inaasahang mapag-iisipan nila ang kahalagahan ng karapatan sa pangkulturang pag-unlad sa ating pang-araw-araw na buhay.







*Proseso:*

a. Bago pa ang aktwal na pagbisita, mainam na natukoy na ang mga lugar na may halaga sa pambansa o lokal na kasaysayan at/ o kultura. Mainam kung makikipag-ugnayan sa mga lokal na ahensya ng gobyerno na nangangasiwa sa mga lugar na ito upang mas maging madali ang byahe.
b. Kailangang may kasama sa pagbisita na siyang magpapaliwanag sa mga kalahok kung bakit mahalaga sa pambansa o lokal na kasaysayan at/ o kultura ang lugar na pupuntahan.
c. Matapos ang pagbisita sa mga lugar, magkakaroon ng maikling bahaginan ukol sa naging karanasan. Importanteng mapag-ugnay-ugnay ng tagapagpadaloy ang ideya ng mga kalahok at ikawing ang mga ito sa halaga ng karapatan sa pangkulturang pag-unlad.



Mga Gagamitin: sasakyan, *first aid kit*



Tagal: di bababa sa dalawang oras



## Aktibidad 6: Panata sa mga Karapatang Pantao

*Proseso:*

Matapos ang lahat ng sesyon ukol sa mga Karapatang Sibil, Pampulitika, Pang-ekonomya, Panlipunan at Pangkultura, hihilingin ng tagapagpadaloy na pansamantalang manahimik ang mga kalahok at isipin ang mga sandali sa kanilang buhay kung kailan naramdaman nila na nilabag ang kanilang mga karapatang pantao, at gayundin, ang mga sandaling nilabag nila ang mga karapatang pantao ng iba. Ang pagmumuni-muni ng mga kalahok ay maaaring sabayan ng angkop na musika. Matapos ang isang minuto, bibigyan ng tagapagpadaloy ang bawat kalahok ng kopya ng 'Panata sa mga Karapatang Pantao.' Sabay-sabay nila itong babasahin.





## PANATA SA MGA KARAPATANG PANTAO

Ako'y Mamamayang Pilipino
Tungkulin ko ang kilalanin, igalang at itaguyod
Ang dignidad at karapatan ng bawat tao
Maging dayuhan man o kalahi ko.

Itataguyod ko ang diwa ng pagkakapantay- pantay ng lahat
Nang walang kinikilingang kasarian, lipi, paniniwala at katungkulan sa buhay
Sa larangang Pang-ekonomiya, Pampulitika, Pangkultura, Panrelihiyon at Panlipunan
At malaya sa lahat ng uri ng diskriminasyon at karahasan - kabilang na ang sa tahanan.

Diringgin ko ang tinig ng kabataan
Nang may respeto at pagkilala sa kanilang ideolohiya at kakayahan
At huhubugin sila na maging matatag na salinlahi sa kinabukasan.
Titiyakin ko na ang bawat bata ay hindi salat sa pagkalinga,
May matiwasay na lipunang ginagalawan
At ang mga pangangailangan ay natutugunan ng pamahalaan.

Igagalang ko ang nakatatanda at aalalayan kung kinakailangan
Bibigyang puwang sa lipunan ang mga may kapansanan.
Tutulungan ko ang mga biktimang nawalan ng tahanan at kabuhayan
Dulot ng kalamidad, demolisyon, militarisasyon, at armadong labanan.





**Mga Sanggunian:**


- **Economic, Social and Cultural Rights – Asia. (2002)** A Compilation of Initiated and Jointly-Undertaken Studies of ESCR-Asia on Economic, Social and Cultural Rights in the Philippines

- **Economic, Social and Cultural Rights – Asia. (2005)** A Primer on the Human Rights of the Members of the Philippine Informal Sector

- **Enriquez V. (1993).** From Colonial to Liberation Psychology: Kapwa and the Struggle for Justice, Freedom and Dignity

- **Garcia M. (2007)** The International Covenant on Economic, Social and Cultural Rights: An Overview of its Basic Contents (A Power Point Presentation), presented during the Pre-Testing of ESCR-Asia's Module for Capacity Building of Informal Sector Leaders

- **International Covenant on Economic, Social and Cultural Rights. Adopted and opened for signature, ratification and accession by General Assembly resolution 2200 A (XXI) on 16 December 1996, Entry into force: 03 January 1976, in accordance with Article 27**

- **Litong G. (2007).** Asserting Human Rights of the Informal Sector (A Power Point Presentation), presented during the Pre-Testing of ESCR-Asia's Module for Capacity Building of Informal Sector Leaders, June 2007

- **________. (2007).** Normative Content of Select Civil and Political Rights (A Power Point Presentation), presented during the Pre-Testing of ESCR-Asia's Module for Capacity Building of Informal Sector Leaders

- **Philippine Human Rights Information Center (PhilRights). (2006).** Training on Your Rights: Modules on Monitoring Economic, Social and Cultural Rights (ESCR). Quezon City Philippines

- **Sembrano G.** (2005). Linking the Individual and the Collective: The Right to/of Self Determination, in Fully Alive, Fully Human: Training Module on Economic Social and Cultural Rights. ESCR-Asia, December 2005, Manila Philippines.

- **University of the Philippines National College of Public Administration and Governance (UP NCPAG), Commission on Human Rights (CHR), United Nations Development Program (UNDP) (2005)** Rights-Based Approach Orientation Training Manual: Towards Mainstreaming Human Rights in the Development and Governance Processes, University of the Philippines Diliman, Quezon City, Philippines

- **Women's Legal Bureau (1998),** Gabay sa Tagapagsanay ng mga Legal Advocates sa Komunidad, 11 Matimtiman St., Teachers Village Diliman. Quezon City 1101, Philippines


